


# TOMAS

Special Issue on Bienvenido Lumbera  
Volume 3, Issue 3a (September 2022)



# TOMAS

Special Issue on Bienvenido Lumbera  
Volume 3, Issue 3a (September 2022)

Tomás is a refereed journal published by the UST Center for Creative  
Writing and Literary Studies

©2022 by the authors and editors

All rights reserved.

No copies can be made in part or in whole without prior written  
permission from the authors and the editors

ISSN: 0119-7908

## TOMÁS

The Journal of the  
UST Center for Creative Writing  
and Literary Studies

Cristina Pantoja Hidalgo  
*General Editor*

Mark Angeles  
*Issue Editor*

Ma. Ailil B. Alvarez  
*Managing Editor*

Jhozelle Crooc  
*Book and Cover Designer*

Augusto Antonio A. Aguila  
Joyce Arriola  
Paul Alcoseba Castillo  
Joselito D. De Los Reyes  
Ralph Semino Galán  
Nerisa del Carmen Guevara  
Jose P. Mojica  
Dawn Laurente Marfil

Jenny Ortuoste  
Ned Parfan  
Chuckberry J. Pascual  
Ma. Luisa Torres Reyes  
Joel Toledo  
John Jack G. Wigley  
Joselito B. Zulueta

*Editorial Board*

# Mga Nilalaman

## Table of Contents

Panimula mula sa mga patnugot ..... vii

### TULA/POETRY

<b>Agdaldaliasat (Ilocano w/ translation)</b> Aurelio Solver Agcaoili.....	3
<b>Bien</b>	
<b>Hindi Isang Panooring Pangmadla ang Dalamhati</b> Rio Alma.....	7
<b>Lumbera</b>	
Jose Wendell P. Capili.....	10
<b>Ang Facebook Isip Obituary Page: Usa ka Garay (Cebuano w/ translation)</b> Ralph Semino Galán .....	11
<b>Kung Halaman si Bienvenido</b> Vim Nadera .....	13

### DAGLI

<b>Salita</b> Rolando B. Tolentino.....	17
--	----

### SANAYSAY/ESSAY

<b>Si Bien Lumbera sa Aking Kasaysayang Pampanitikan</b> Virgilio S. Almario.....	23
<b>Remembering Bien Lumbera</b> Cristina Pantoja Hidalgo .....	27

<b>Bienvenido Lumbera, the Ateneo Years (1961-1972)</b>	
Soledad S. Reyes .....	30
<b>Ka Bien, the Good Man</b>	
Joel Pablo Salud.....	36
<b>Si Bien, ang “Dayong” Nagpalaya sa Aming</b>	
<b>Diskurso at Dunong</b>	
Rosario Torres-Yu .....	41
<b>The Trouble with Bien</b>	
Lito B. Zulueta.....	46
<b>Dating at Galing: Bienvenido Lumbera’s Views on</b>	
<b>Philippine Adaptation Studies</b>	
Joyce L. Arriola, PhD .....	55
<b>Tawid-Diwa sa Pananagisag ni Bienvenido Lumbera:</b>	
<b>Isang Pagtaya sa Diskursong Makabayan/Mapagpalaya</b>	
Dexter B. Cayanes, PhD .....	69
<b>Ilang Kaisipang Lumbera sa Sansiglo</b>	
<b>ng Brodkasting sa Filipinas</b>	
Louie Jon A. Sánchez.....	92
<b>Ang Literaturang Filipino Ayon kay Lumbera</b>	
John Iremil Teodoro .....	104
<b>Bienvenido Lumbera’s Contribution to</b>	
<b>Regional Literature: A Tribute</b>	
Hope Sabanpan-Yu.....	109
<b>Mga Patnugot/The Editors.....</b>	115
<b>Ang mga May-akda/The Contributors .....</b>	116

# Tungo sa Kaisipang Lumbera

## Panimula mula sa mga patnugot

**S**a mga Pilipinong maverick/iskolar na nangibang-bayan para pumitas ng karunungan sa mga primera klaseng unibersidad, isa si Pambansang Alagad ng Sining sa Panitikan Bienvenido L. Lumbera sa mga nagbalik—para bang nakalabas sa isang masukal na gubat o laberinto—nang may higit na sigla para isulong ang ating sariling (mga) wika, kultura, at kasaysayan.

Isang malaking puwang hindi lamang sa sektor ng sining at edukasyon ang naiwang bakante sa pagpanaw ni Lumbera noong 28 Setyembre 2021. Higit dahil nangyari ito sa panahon ng pandemyang dala ng COVID-19, sa isang panahong sunod-sunod ding namaalam ang marami pang mga alagad ng sining, nang hindi man lamang makapagbigay ng karampatang respeto sa mga labi ang karamihan sa mga nagmamahal. Nagpatuloy ito hanggang sa pagpanaw ng kaniyang maybahay na si Cynthia Nograles Lumbera nito lamang 11 Nobyembre 2022.

Si Lumbera ay naging guro, katrabaho, kaibigan, kasama (*comrade*), itinuring na ama at patnubay ng marami, gaya ng napagtitaw sa mga akda nina Rio Alma, Ralph Semino Galán, Joel Pablo Salud, Aurelio Soller Agcaoili, Rolando B. Tolentino, Soledad S. Reyes, at Rosario Torres-Yu sa antolohiyang ito.

Naging isang mabuting tao si Lumbera. Isa siyang bisyonaryo, ayon kay Hope Sabanpan-Yu. Nakatikim ng kaniyang sinag maging ang mga hindi siya nakilala nang personal, ni nakadalo sa mga pagtitipong nagsalita siya o bumigkas ng tula, ngunit nadama ang kaniyang mga pahayag sa mga pahina ng kung saang aklat, maging sa mga sinipi ng ibang mga iskolar.

Ginunita ni Cristina Pantoja-Hidalgo, direktor ng Unibersidad ng Santo Tomas (UST) Center for Creative Writing and Literary Studies, ang nangyari sa isa sa mga pulong ng Manunuri ng Pelikulang Pilipino, isang grupo ng mga kritiko, manunulat, at iskolar ng pelikula. Winika sa kanila ni

Lumbera, isa sa mga nagtataug ng samahan, na ang trabaho ng mga kritiko ng pelikula ay hindi ang maghanap ng mali sa mga prodyuser ng mga lokal na pelikula—na noon ay nasa isang malungkot na estado, ngunit para hanapin ang mabubuting bagay na ginagawa nila at ipaalam ito sa publiko. Binuksan din ni Lumbera ang posibilidad ng Araling Pelikula, gaya ng pag-aaral ng mga adaptasyong pampelikula ng mga komiks, ayon kay Joyce L. Arriola.

Tunay ngang nagsilbing púno si Lumbera, gaya ng paghahambing ni Vim Nadera: lahat ng bahagi ay naging makabuluhan para sa lahat. Sa aming palagay, nagsimula na ang kaniyang kadakilaan nang mag-arat ng Bachelor of Literature in Journalism sa UST, hanggang magtapos noong 1954; at nang magsilbi siyang assistant literary editor ng *The Varsitarian*, ang opisyal na pahayagang pang-estudyante ng unibersidad, noong 1953. Sa kaniyang pamamalagi sa pamantasan, tumalima siya sa atas ng pagiging isang huwarang Tomasino—isang estudyanteng hindi lamang kakikitaan ng sigasig sa pagtuklas ng karunungan at paggigiit ng katotohanan, kundi isang pinunong tagapaglingkod (*servant leader*). Itinuloy niya ang kaniyang masterado sa unibersidad na pinagsilbihan niya rin bilang guro, bago pumalaot sa iba pang mga primera klaseng unibersidad sa loob at labas ng bansa.

Sapat na ang korpus ng kaniyang kritisismo para makabuo ng isang maituturing na Kaisipang Lumbera. Malayo siya sa mga iskolar na laging sinusuri ang mga bagay sa kasalukuyan. Gayon man, hindi nila tiningnan ang mga ito bilang resulta ng nakalipas. Hindi rin makapapantay sa kanya ang mga iskolar na laging sinusuyod ang nakaraan at hindi na nakabalik sa kasalukuyan, na para bang isinumpa na silang umiral sa lipas nang panahon.

Para kay Lumbera, ang kasalukuyan ay produkto ng kolektibong danas ng mga namumuhay sa kasalukuyan at namuhay sa nakaraan. Kaya ang kasalukuyan ay maituturing na bahagi ng nagpapatuloy na kasaysayan. Tinukoy ito ni Dexter B. Cayanes bilang politikalisyon ng mga manunulat/intelektual. Sino man sa mga manunulat-kritiko ay dapat na magkaroon ng kamulatang politikal at kamalayang pangkasaysayan para makasulong.

Halimbawa ng nasabing diskurso ang pagsusuri sa kulturang popular. Kailangang tingnan ito bilang bahagi ng pagpapasunod ng mga kolonisador para magpatuloy ang kanilang pananakop. Sa kasalukuyan, dinidiktahan ito ng mga nasa estado poder. Minamaliit nito ang kultural na produksyon ng sambayanan. Itinuturing silang atrasado at segunda klase. Ngunit ang katotohanan, ayon kay Lumbera, kayang lumikha at mag-interpret ng kanilang sariling mga pakahulugan ang sambayanan, na hinubog mula sa kanilang direktang karanasan at pagkaunawa sa buhay.

Sa paglagom ni Louie Jon A. Sánchez sa sansiglo ng brodkasting sa bansa ngayong 2022, binanggit niya ang ilang kaisipan ni Lumbera. Kasama na rito ang radikal na estetikang pampanitikang nakasandig sa dalumat ng *dating*. Dito, ang audience ang nagsisilbing sentro ng talakayan, sa halip na sa likhang-sining. Ang mga pinakaabanteng balangkas na tumitingin sa moda ng produksyon, gaya ng mga Marxistang pananaw, ay binigyan niya ng katutubong bersiyon. Gaya ng sinalungguhit ni Sánchez, malinaw kay Lumbera ang pangangailangang luminang ng mga kritikal na manonood. Mahalagang hindi lamang mamulat ang mga intelektuwal. Ang pagkamulat ng masa ay magbubunsod ng adhikang lumaya sa kamay ng mga mapang-api at nananamantala.

Si Lumbera ay isa sa marami, bahagi ng nagkakaisa; ang naghain ng solusyon sa pagkakawatak-watak, gaya ng kaniyang sagot sa matagal nang debate: ang rehiyon ay pambansa rin; at, sabihin pa, pandaigdig. Ito ang sentro ng pagtalakay nina John Ireml Teodoro, Sabanpan-Yu, at Lito B. Zulueta. Idiniin din ni Cayanes ang prinsipyo ni Lumbera tungkol sa pag-oorganisa at pagpapaorganisa. Bahagi rin ng politika ang pagpapaloob sa isang organisasyong patuloy na nagmumulat at nagpapakilos sa mga miyembro nito. Maaalala rito ang mga tagubilin nina Lenin at Mao. Ngunit hindi ba batayang bahagi ito ng pagiging isang mabuting tao? Marami tayong matututuhan sa pakikipagkapuwa ni Lumbera, sa Ateneo man o sa UP Diliman, sa mga kuwento nina Reyes at Torres-Yu. Nang itayo at pamunuan ni Lumbera ang PAKSA (Panulat para sa Kaunlaran ng Sambayanan), kasama ng iba pang mga alagad ng sining at manggagawang pangkultura, pinatunayan niyang hindi lamang panitikan ang kailangang makisangkot. Mas mahalaga ang komitment mismo ng manunulat.


Ginawang ebanghelyo ng marami ang mga sanaysay ni Lumbera sa *Revaluation 1997: Essays on Philippine Literature, Cinema and Popular Culture* (1997) at *Tagalog Poetry, 1570-1898: Tradition and Influences in its Development* (1986). Sinipi ang mga pahayag, muling tinipon ang mga sanaysay sa mga bagong koleksyon, at iba pa. Isinulong niya maging ang tanaga, na siya ring naging tampulan at lunsaran ng protesta ng maraming makata at di-atal sa tula nang putaktihin nila ng paskil ang Facebook page ng PhilHealth mula Nobyembre 2020 at tumagal ng ilang buwan. Mula sa paglalantad sa mga karumal-dumal na krimen ng estado noong panahon ng Batas Militar, higit ang paggunita sa mga bayaning lumaban sa diktadura, hanggang sa Pambansang Eleksiyon 2022, sa nakaraan at kasalukuyang rehimen, muli't muling nagliliwanag ang kabuluhan ng mga aral ni Lumbera.

Sa huli, gusto naming balikan ang mensahe ni Lumbera nang tanggapin niya ang Ramon Magsaysay Award for Journalism, Literature and Creative Communication Arts noong 1993. Sang-ayon na rin sa kuwento ni Torres-Yu, si Amado V. Hernandez o Ka Amado pala ang nag-usisa ng “Bakit hindi paksting Pilipino?” kay Lumbera. Mahigit limang dekada buhat nang mamaalam si Ka Amado, nasaksihan natin ang pagpanaw ng dinarakila natin sa kalipunang ito. Nahawan na ng ilan sa mga intelektuwal na narito ang landas, kaya’t sapat nang ungkatin: “Bakit hindi Kaisipang Lumbera?”



**TULA**

**POETRY**



# Agdaldalliasat

---

## Aurelio Solver Agcaoili

*Ken Dr. Bien Lumbera, maestro ken kadua*

Ita ket ti naaronanen a pungdol  
tapno mairugin ti atong,  
senial ti ibaballasiw  
iti sabali a biag,  
patgen a maestro.

Saan nga ipupusay daytoy,  
daytoy nga iyaadayo.

Ketdi, ipapan iti baro a biag,  
iti disso ti ingget raniag a lawag  
a sadiay ket sagrapen ti subad  
ti imbag nga imparangkapmo  
kadakami nga adalam a gumawgawawa  
iti isisiray koma ti init iti agsapa  
a kasingin dagiti kebbekebbami.

Adukami a kasta, dakami,  
kas iti ili nga inka inayat iti ingget sudi,  
iti di nagsaway a panangipinget  
tapno koma saan nga agari ti saning-i.

Ngem a ta adda falso a bileg  
dagiti nailet a karsel  
nga iti maysa  
a panawen ket nagbalin a taengmo,

patgen a maestro, karsel  
a kaing-ingas ti buteng a punganay  
dagiti adu a tured a ti nagan  
dagitoy ket beggang ni wayawaya.

Imbalikasmo kadakami ti uni  
daytoy a kalat, letra kada letra,  
silaba kada silaba, ket iti udina,  
nangngeganmi kadagitoy  
kadagiti gumawgawawa nga umili  
iti gumawgawawa nga ili.

Ita, iti ibaballasiwmo iti karayan  
ti sabali a biag, itundanakanto  
ti agbarbarangay nga agsagsagawisiw  
uray iti kasipngetan.

Ammona nga ituntundana  
ti disipulo ni kinalinteg a kas kenka,  
ti apostol ni wayawaya,  
ti mannaniw kadagiti amin pakarigatan,  
ti tumrarong a bullalayaw  
iti agar-arbis a malem iti ili a pinanawan.

\*30 Septiembre 2021

# Manlalakbay

Aurelio Solver Agcaoili

*Kay Dr. Bien Lumbera, maestro at kasama*

Nasindihan na ang pungdol  
upang masimulan ang atong,  
senyal ng pagtatawid  
sa ibang buhay,  
mahal na guro.

Hindi ito kamatayan,  
itong inyong paglayo.

Kundi, pagtutungo ito  
sa bagong buhay,  
sa puok ng walang katumbas na liwanag  
na doon ay nanamnamin ang sukli  
ng lahat ng iyong kabutihan na sa amin  
ay ibinigay, kaming inyong mag-aaral  
na naghihintay ng sinag  
ng araw sa pagbubuka  
ng liwayway, sinag na kakambal  
ng aming pagbabakabaka.

Kayrami kaming ganyan,  
kami, tulad ng ili ng iyong minahal  
nang walang dungis,  
sa inyong walang katumbas na  
pakikipaglaban para dito  
upang sana ay di maghari  
ang pagtangis.

Subalit mayroong kapangyarihang  
sinungaling sa mga makipot  
na karsel na sa isang panahon  
ay naging iyong tahanan,  
mahal na guro, karsel  
na kawangis ng takot na simula  
ng marami pang takot na ang ngalan  
ay baga ng kalayaan.

Binigkas mo sa amin ang huni  
ng layong ito, bawat letra,  
bawat silaba, at sa huli,  
napakinggan namin mula sa mga ito  
ang mga hinaing ng mga mamamayan,  
ang hinaing ng ili.

Ngayon, sa pagtawid ninyo sa ilog  
ng ibang buhay, dadalhin kayo roon  
ng nagbabalangay na sumisipol  
kahit sa karimlan.

Alam niya na dadalhin niya kayo roon,  
kayo na disipulo ng katarungan,  
kayo na apostol ng kalayaan,  
kayo na manunula ng lahat ng kahirapan,  
kayo na bahaghari ng  
umambong hapon sa iling linisan.

\*30 Setyembre 2021

# Bien

---

## Rio Alma

Paano kita tatawagin?  
Guro? Patnubay? Uliran?  
Kaibigan, kalahati ng danas ko'y nagunaw  
Sa iyong pagpanaw.

28 Setyembre 2021

# Hindi Isang Panoóring Pangmadla ang Dalamhati

Rio Alma

Hindi isang panoóring pangmadla ang dalamhati.  
Sapat na ang katwiran ng kandila  
Kaysa maiingay na himutok, umaalingawngaw  
Sa pagtatalik ng lastag na karne't hukbo ng langaw  
Sa mga parket' palengke;  
Sapat na ang taimtim na bulaklak  
Kaysa makikislap na pahayag sa harap ng elektrisidad  
Kaysa bantayog ng hangin  
At nilubid-lubid na buhangin  
Kaysa entablado ng nakahilerang korona  
Kaysa paglalamay ng kubyertos at alahas.  
Hindi isang panoóring pangmadla ang dalamhati  
Upang wariin ang kasaysayan  
Upang bigyan ng talambúhay ang isang kamatayan  
Samantalang pinapaslang ang mga musmos  
Inililibing sa semento ang mga bukirin at nayon  
Lumulungayngay ang gútom sa basurahan  
At nagngangalit ang mga bulkan;  
Samantalang lumilikha ng kamandag  
Ang mga gusali ng edukasyon at laboratoryo  
Lumilikha ng dambana ang mga sandata't diktador  
Lumilikha ng milyon-milyong mangmang  
Milyon-milyong alipin ang mga eskaparate't bodega;  
Samantalang naliligo sa dugo ang buong planeta.  
Hindi isang panoóring pangmadla ang dalamhati.  
Nauupós ang kandila't naluluoy ang bulaklak

Kasabay ng paglalahò ng luha't tapik sa balikat  
Pumupusyaw kahit ang mga marangyang retrato  
Kahit ang maririkit na berso sa nitsso;  
At hindi napapanoód ng madla  
Ang lihim ng pagluluksa—  
Mistulang napakalalim na tinik sa dibdib  
Mabagal na bumubukad at nagnanaknak  
Ngunit tumatamis, eternal  
Kasinlinis at kasimbanal  
Ng tunay na sanhi ng marangal, masidhing pighati.

1 Oktubre 2021

# Lumbera

---

Jose Wendell P. Capili

Bienvenido, fire trees  
are bursting at the seams.  
Government converses  
just about amities for  
a mad system all directing  
to assemble a pack  
surrounding places  
of defiance in the daytime.  
Soon after, we are blazing  
twirls raging at the memory  
of workers withering  
overseas, children begging  
for alms in the snarl,  
peasants vanishing after  
a dispersal, homelessness  
inhabiting streets where  
antimony passed through.  
Unpredictably, we gear up  
to leap with jubilation  
because cupidity swirls,  
overwhelmed by sea-gold  
radiance, schools of fishes  
among God's omniscience  
commencing interminably  
over roughness and tribulation.  
Breathing easily,  
we embrace the full  
measure of your slow  
and gentle shimmering. ♦

# Ang Facebook Isip Obituary Page: Usa Ka Garay

---

Ralph Semino Galán

*Alang kang Bienvenido Lumbera,  
tigsuporta sa literaturang rehiyonal*

Matag sayo sa buntag, makuratan ko  
kon naay motext, o motawag kanako  
nga walay abiso. Kinsa na pod kaha  
nga suod nga higala ang gidala  
sa emergency room? Kinsa na pod  
kaha nga kauban sa panarbahó, o iyang  
amahan o inahan, anak o igsoon,  
nga ang lawas kinahanglan nga sunogon?

Busa matag adlaw, ayha ko motan-aw  
sa newsfeed, mangadye sa ko  
ug mangaliya sa Dios ug sa Iyang Inahan,  
nga wala untay bag-ong namatay  
sa akong mga amiga o kaila  
nga gianunsiyo lang pinaagi sa social media!

# Facebook as Obituary Page: A Piece of Verse

---

Ralph Semino Galán

*For Bienvenido Lumbera,  
supporter of regional literature*

Early in the morning, I get startled  
whenever someone texts me, or calls  
without warning. Which close  
friend now has been brought  
to the emergency room? Which  
comrade now at work, or his father  
or mother, offspring or sibling,  
whose body needs to be burned?

Which is why, every day, before  
I check my newsfeed, I pray  
and plead to God and His Mother,  
that there would be no new death  
among my pals and acquaintances  
just announced through social media!

# Kung Halaman si Bienvenido

Vim Nadera

Kung halaman si Bienvenido  
Lumbera, púno siya siguro.  
Kamagong na ang balat ng troso  
Ay gamot gaya ng kritisismo.

Nilanggas niya ang puso't utak  
Ng api at nang-aaping antas—  
Gamit ang pabigkas at pasulat  
Na akda niyang dayap sa sugat.

Nilulunasan niya ang kati  
Ng imperyalismong dumarami  
Sa dilaw, pula, at kayumangging  
Ikinahihiya ang sarili.


O di kaya siya ay mulawing  
Nabubuhay sa tuyong lupain?  
Tulad nang siya ay ikinarsel  
Nang walang pagkain at inumin?

Tibay niya ay napatunayan  
Ng barko at iba pang sasakyang  
Saksi sa tatag ng kaloobang  
Punô ng pagmamahal sa bayan?

Maaari ding siya ay nara  
Ginto mula ulo hanggang paa:  
Panghugas-buhok ay nasa sanga  
Samantalang may pulot sa bunga.

Kapuwa sila dinadakila  
Pagkat may ugat sila sa lupang  
Di nila winawalang-bahala—  
Kaya pareho silang pambansa.

DAGLI



# Salita

## isang dagli para kay Bien

Rolando B. Tolentino

**M**akapangyarihan ang salita dahil binibigyan-ngalan ang bagay, tao, lugar, panahon, nararamdaman, binibigyan-ngalan nito ang karanasan. Sinasabi nito kung ano ang tinutukoy sa sandali na ginamit ang salita. Pero hindi lamang *kung ano* ang kapangyarihan ng salita, sinasaad din nito *kung paano* ituturing ang tinutukoy na salita.

Sinasaad ng salita ang pakiramdam sa pagdanas tulad ng mainit, malungkot, kinilig, mahirap, tulala, takot, pighati, masaya, nangungulila, namimighati o languishing, halimbawa. At hindi lahat ng salita para tukuyin ang pakiramdam ay magkakahalintulad. May bariasyon ang mga salita at pakiramdam—maalinsangan, mainit-init pa, nakakapasong init, malamya ang init, mainit ang ulo, kasing-init ng pugon, init ng pag-ibig o init ng tanghaling-tapat, halimbawa.

Nagpapakilala ng bagong karanasan ang salita tulad ng tokhang, EJK, kultura ng impunidad, virus, COVID-19, pandemiko, kwarentina, social distancing, face mask, face shield, ayuda, PCR at antigen, quarantine pass, health certificate, ECQ, MECQ, granular lockdown, bakuna, vaccine certificate, work from home, online learning, zoom meeting o zoom parangal, halimbawa. Bagong karanasan ang bagong salita dahil nagsasaad ang bagong salita ng mga bagong kalakaran ng karanasan. Halimbawa, sa salitang bakuna, anong klase ang nais at ano ang binigay ng gobyerno, paano magskedyul, saan ang vaccination site, paano pupunta sa vaccination site, mga hakbang para sa pagpapabakuna sa site, habilin pagkatapos mabakunahan, at iba pa.

Mapanganib ang kapangyarihan ng salita kapag ito ay minobilisa ng may kapangyarihan sa lipunan. Sa kalakarang ang wika ng pamamahala, negosyo, edukasyon, profesyon at mga institusyon ay Ingles, ang mahina o kawalang-alam sa mga salitang Ingles at sa wikang Ingles ay lalong dehado sa dehado

nang buhay ng mayoryang maralitang mamamayan. Kapangyarihan din ang nagtakda na huwag nang gaanong ituro ang Filipino sa basic edukasyon, at hindi na kailangang ituro sa kolehiyo. Lalong minamangmang ang mga salita at wikang atin dahil nilalagyan ng malaking balakid para hindi ito umunlad bilang wika ng pagkatuto at skolarsyip, maituro ang mga kurso sa profesyon sa wikang atin para mahigit na makabuluhan, halimbawa ang matematika, batas o pakikipagnegosyo sa ordinaryong mamamayan. Hinahadlangan ang wikang Filipino na magkaroon man lang ng akses sa kapangyarihan, at lalong maging eksklusibo ang Ingles bilang wika ng kapangyarihan.

Dahil ang mga salita sa katutubo at pambansang wika ay mas may hagip sa taal na kultura: handuraw ang salitang Sebuano para sa kapangyarihan sa imahinasyon, ang sining bago naging pantukoy sa moderno at elitistang art na alam sa kasalukuyan ay may pakahulugan nang salamin at pagninilay na aksesible at inklusibo sa ordinaryong mamamayan, pati na rin paglining (reflection) at pahingalay (meditation) na kabahagi ng taal na kahulugan ng sining, o ang Hiligaynon na salitang katarungan ay hindi lamang tumutukoy sa abstraktong kahulugan sa Ingles na justice pero mas masaklaw ang pagpapakahulugan na kasama ang pagbibigay-katwiran, kabutihan, pagtatalo at pangangatwiran, at kung gayon, ang lahat ay may akses sa katarungan bilang pang-araw-araw na dinaranas.

Nagkakahon ang salita tulad ng binabae, bakla, tomboy, malandi, puta, kabit, pasaway, rebelde, komunista, NPA, Muslim, thundercats o senior citizens, dugyot, tambay, pumipila sa ayuda o pesante, halimbawa. O ang salitang Filipino sa ibang bansa ay may pakahulugan na katulong, domestic worker, nagtratrabajo sa konstruksyon, may balak mag-TNT. Mapanganib ang ganitong paggamit sa kapangyarihan ng salita dahil inilalagay sa peligro ang tinutukoy na uri ng tao at pagkatao, at naglalatag ng karahanan sa mga taong tinutukoy ng ganitong mga salita. Kinakahon nito ang pinailit na mundo ng pagdanas sa tinutukoy na pagkatao at karanasan. Binibigyan-ngalan ng salita ang maliliit na kahon na maaring makipot na inugan ng karanasan ng binigyan-ngalan. At sinasaad ng ganitong salita ang kaakibat na diskriminasyon, pagpapahiya, pandudusta, karahanan sa mga taong tinutukoy ng ganitong salita.

Nagsasaad ng aspirasyon ang mga salita tulad ng makapag-aryl, may pagkain sa mesa, trabaho, paglaya, pakikibaka, kapantayan, protesta, rebolusyon, katarungan, kasarinlan o sosyalismo, halimbawa. Pinapaalagwa ng mga ganitong salita ang nais na tunguhin o na mangyari dahil hindi maayos at paborable ang nangyayari sa nakaraan at sa kasalukuyan. Panghinaharap

ang tinutukoy ng ganitong salita. At para matupad ang aspirasyonal na salita, kailangan luminang ng mga bagong salita para sa bagong pagdanas na kontryaryong kalakaran sa dinarañas na pagkamamayan sa estado: mala-pyudal, mala-kolonyal, unyon, welga, kilusang masa, pambansang demokratiko, ED, DG, pag-oorganisa o pagpaparangal, halimbawa.

Pero walang salita ang kayang tukuyin ang bigat, lalim at lawak ng dalamhati sa pagyao ng mabuting tao na mabuting gumamit ng mga salita na may mabuting nagawa, na may mabuting naiwan. Na kahit ano ang bigkasin ay parating hindi nakakasapat, hindi nakakasapol. Paano paparangalan gamit ang mga salitang hindi makakatumbas sa pinaparangalan?

Akin munang kikimkimin ang dalamhati at gugunitain ang mga karanasan na ngayo'y alaala ng mabuting tao. At kapag napunan na ang balon ng dalamhati, gugunitain ko ang salita at ngalang Bien na may magandang pakiramdam na maari pang magbigay ng ngiti sa mga labi o ningning sa mga mata.



SANAYSAY<sub>at</sub>  
KRITISIMO

ESSAY and  
CRITICISM



# Si Bien Lumbera sa Aking Kasaysayang Pampanitikan

---

Virgilio S. Almario

**N**APAKAPERSONAL NG AKING isusúlat ngayong kasaysayang pampanitikan. Sisikapin kong sipatin ang naging kabuluhan ni Bien (Bienvenido Lumbera) sa kasaysayang pampanitikan ng Filipinas sa pamamagitan ng aking naging pagtitig sa kasaysayan ng ating panitikan. Hindi ito isang paraan upang igiit ang aking kabuluhan sa kasaysayang pampanitikan. Sa halip, isang paraan ito upang itanghal ang malakíng kabuluhan ni Bien sa pamamagitan ng mga engkuwentro ko sa kaniya at sa kaniyang pananaw pampanitikan simula 1968.

Tingnan ninyo, bakit 1968? Siguro nag-umpisa ang kaniyang naging pananaw pampanitikan nang sinusúlat niya ang disertasyon noong 1964. Ngunit nalathala noong Enero 1968 ang kaniyang artikulong “Looking Back at the Future of Philippine Writing” sa magasing *Graphic*, at nabanggit niya akong kabilang sa mga kabataang makata sa Ingles at sa Tagalog, na ikinagúlat ko, at naging dahilan ng aming pagkikilála. Ikinagúlat namin nina Roger (Rogelio G. Mangahas) at Bert (Lamberto E. Antonio) na ang rebelyon namin sa pagtula sa University of the East ay binabása palá sa Ateneo. Wala rin kaming alám kung ano ang sinusulat sa Loyola Heights. Maliban sa munting balita ng aming profesor na si Anacleto I. Dizon na nakadalo sa isang seminar doon at hangang-hanga kay Rolando (Rolando S. Tinio).

Lumiham ako kay Bien ng pasasalamat. Sumagot siyá. At nag-imbita sa Ateneo. Isang magtatakip silim ng Sabado ay lumusob kami nina Roger at

Bert sa apartment ni Bien. Matalahib pa noon ang Loyola Heights at kokonti ang traysikel, kayâ medyo dinilim kami sa paglalakad mulang Aurora Blvd hanggang Esteban Abada St. Pero inábot namin si Bien, naghihintay kapíling ng pansit, pritong manok, at . . . sangkahang serbesa.

Sinundan pa iyong ilang palitan ng liham, imbitasyon sa palabas ni Rolando at mga miting ng Panitikero (kaibigan na rin palá niya si Aga!). Kinonsulta ko siyá sa “Peregrinasyon” at sumagot siyá ng isang mahabâng kritika na may kalakip na usisa. Tinatantiya palá niya ang timo sa akin ni T.S. Eliot at ng New Criticism na humubog din sa kanilá nina Rolando, Eric (Emmanuel Torres), at Badong (Salvador Bernal). Marami siyáng tanong sa *Liwayway* at *Taliba*. Sumang-ayon siyá sa komersiyalistang pamantayan ng *Liwayway* na pinaghaharian ni Mang Danding (Clodualdo del Mundo) at diktador din sa Palanca. Tuwâng-tuwâ siyá sa bunguan ng baso namin nina C.C. Marquez at C.M. Vega sa Kalye Soler. Sumáma pa siyá sa Biyak-na-Bato para sa bertdey ko, bagaman ayaw na raw niyang bumalik doon dahil sumakit ang kaniyang katawan sa pag-akyat sa kuwebang bato. Napansin kong alám na alám niya ang panitikang kanluranin ngunit hanggang libro ang alám sa entablado ng panitikang Tagalog.

Di-kawasa, inimbita niya akong lumipat sa Ateneo. Nagtuturò ako noon sa San Miguel High School at nag-eenjoy ng búhay-binata sa bayang tinubuan. Umayaw ako. Bukod pa, wala akong masters para matanggap sa akademya. Namilit siya. Noon niya ipinagtapat ang planong Philippine Studies Program kasáma sina Rolando at Nic (Nicanor Tiongson). Wala daw kasi sa kaniláng kwalipikadong magturò ng wikang Pilipino. Ngunit nagkataóng tumindi ang pagiging adviser ko sa student government, at nag-organisa kami ng samahan ng mga lider estudyante ng Bulakan. Ginanap ang unang kongreso ng samahan sa San Miguel, at inimbita kong magsalitâ sina Raul Manglapus, Jose Lansang, Luis Taruc, at ibá pang nakilála ko sa opisina ni Doc Prudente ng PUP. Dinumog kami ng taumbayan nang dumating si Taruc. [Dami pa paláng Huk sa aming bayan.] Inakusahan akong “komunista” ng head ng departamento ko.

Nagkasagutan kami sa mga faculty meeting. Nagsumborg ako sa Malolos. Kinausap ako ng mga kaguro na huminahon.

Noon ko naísip pumayag sa alok ni Bien. Tawanán ang barkada sa Lepanto. Bakit hindi ka pa dito sa PUP magturò? Biro pa ni Beloy (Isabelo Crisostomo): “Pag di ka naging bakla dun e tuturuan mong tumoma ang mga Jesuits!” Ipinahawak sa akin ang unang klase sa Basic Pilipino. Naku, lakíng challenge! Hindi alám ni Bien na history ang itinuturò ko sa San

Miguel. Ang problema ko pa, nasa klase sina Tony Perez at Paul Dumol at ang mga aktibista sa pangunguna ni Boy (Perfecto) Martin. Hinámon pa niya akong mag-coteaching ng Panulaang Tagalog. Ako raw ang maglektura sa tradisional na pagtula. Nabása ko na noon ang kaniyang disertasyon na inilathalang kaba-kabanata sa Philippine Studies. Na-memorize ko yata ang mga reprints at iyon ang warìng isinasalin ko lámang sa Tagalog kung ako ang nagpapaliwanag sa mga graduate students. Siyá ang guro ko sa Saliksik Araling Filipinas 101. Tinimpi niya ang pagkahumaling ko sa moderno't kanluranin at ipinamálay ang muling pagpapahalaga sa tradisional bílang makatuturang sangkap ng pag-ibig sa bayan.

Isang makapal na nobela ang masusúlat ko kapag inisa-isa ang mga pagpatnubay ni Bien sa akin at ang paghahasik ng dalisay na pagtangkilik sa pagkakaisa, kaunlaran, at kapakanan ng Filipinas.

Mabuti't inabutan kami ng Unang Sigwa. Una, nalalahok kami sa mga rali sa loob ng Ateneo. Pagkaraan, sa mga demo hanggang nayon at pabrika. Pagkaraan pa, sa mga demo sa Plaza Miranda at Liwasang Bonifacio. "Bien, huwag kang masyadong magsasamá ke Rio," payo ni Rolando. Nang magsúnog ng libro sa Ingles sa kampus, nagúlat ang mga Heswita kay Tserman Lumbera. Noon ko naísúlat para sa *Pugadlawin* ang Modernismo sa pagtula na naging binhi ng tesis ko at nalathalang *Balagtasismo at Modernismo*. Nang lumaon, isinasáma pa namin sa mga martsa at mass work ang mga graduate students na sina Shayne (naging Cynthia Lumbera) at Lyn (naging Emelina Almario). Noong magkongreso ang PAKSA (Panulat para sa Kaunlaran ng Sambayanan), ako ang bumása ng mensahe ni Joema, at nagkakaisang nahalal na tagapangulo si Bien ng "Panitikan Mula sa Masa, Para sa Masa." Kagagáliling naming ma-teargas sa harap ng US Embassy nang salubúngin kami sa Esteban Abada ni Carmen, kasambahay ni Bien, dahil idineklara na raw ang Martial Law. Nakitúlog kami sa ibáng apartment at kinabukásan naghakot ng ilang gámit para sa búhay-UG.

Nagkasáma pa kami sa unang safehouse. Gayunman, pinaghiwalay kami ng takdang trabaho sa kilusan. Hindi naman nagtagal at umulit ang aking factory defect. Kailangan akong umahon at magpagamot sa probinsya. Noon ko naísip magpakasal, at dahil blacklisted at hindi makabalik sa Ateneo ay naging houseband nang matagal bago natanggap sa Philippine Science High School. [BTW napilit ko siyáng magninong sa kasal at magbaróng para mabilisang lumitaw sa Paco Church noong 1 Enero 1973. Ginawa naman niya akong ninong ng kaniyang panganay.]

Sa panahon ng aking housebandry, binásá ko nang dibdiban ang Filipiniana sa aklatan ni Bien na naiwan sa aming apartment. Pagkatápos,

inúbos ko ang mga nobelang Tagalog sa UP Lib. Binalikan ko ang matatandang publikasyon sa National Library. Bago ako natanggap sa Pisay, nakahanda na akong tapusin ang MA thesis ko sa UP. Nabuo na ang tinatawag ko ngayong “tinging Filipino” mula sa pagtunton ng landasing nasyonalista ni Bien. Nalathala ang disertasyon niyang “Tagalog Poetry: 1570-1898” nitó lámang 1986 ngunit ang nilalamán nitóng saliksik at pagmumuni sa panitikan ay naipalaganap na niya sa mga artikulo, lektura, at pagtuturò sa Ateneo, UP, DLSU, at ibáng kolehiyong napuntahan niya sa mga palihan at seminar. Maaaring nasimsim niya ito sa panimulang proyekto nina Epifanio de los Santos at E. Arsenio Manuel subalit nabigyan niya ng wastong saligang pambansa at makabansa sa loob ng 1960s at higit na pinagtibay ng kaniyang Marxistang paninindigan.

Ang kaniyang makabayang hinahon, sigasig, at kababaang-loob ang hinangaan ko at tiyak na hinangaan sa kaniya ng maraming kabataan at kaguro hanggang sa kamatayan niya kaninang umaga. Walang katumbas ang kaniyang kagandahang-loob. Ang tatág ng kaniyang pananaw at dangan ng paninindigan ang sinisikap ko pang pantayan.

Ferndale Homes  
28 Setyembre 2021



Photo by Virgilio Labial

# Remembering Bien Lumbera

---

Cristina Pantoja Hidalgo

**A**fter his passing, much was said, and continues to be said, about Bienvenido Lumbera's tremendous contributions to literature, literary scholarship, and the criticism of literature, film and popular culture; about his teaching and his mentoring; about the ideals that he stood for and the causes that he fought for, steadfastly, throughout his long life.

Bien was never my teacher, although his work, particularly his pioneering critical work on Philippine Literature, has had a profound influence on my own writing and teaching. He was also my friend, and my husband Tony's friend. I am friends with his wife, Shayne and his daughter, Sining. One of my daughters is friends with one of his daughters. It is about his friendship that I wish to say something.

We first met during the heady activist days prior to the declaration of Martial law. Bien was teaching at the Ateneo, and I was teaching in UST. Tony had left his job at a multinational corporation to teach in PCC, now PUP. I was curious about this man, who had graduated from UST, but was teaching at the Ateneo. For us at UST, Ateneo was "the other place." Not very many products of the Dominican University chose to teach in the Jesuit one. But I did not get to know him well.

After martial law was declared, my husband Tony joined UNICEF, and we lived abroad for 15 years. During one of our home leaves, I learned that, in absentia, I had been made a member of MANUNURI, the film critics' organization of which Bien was a founder, and clearly remained its moving force. So, I had a reunion with Bien, and got to participate in a couple of MANUNURI deliberations, which were a learning experience for me, I had never been in any way connected to the film industry. Their decision to

make me a member was based on my having written a regular Film Review column for *Variety Magazine* (the Sunday Supplement of the Manila Times), also in the pre-Martial Law days.

One thing that Bien said in one of those meetings has remained with me. We were discussing a film which most of us did not think well of. Then Bien said quietly, "You know, the local film industry is not having an easy time of it. And the educated classes are particularly harsh on its products. I think that, as critics, our responsibility is not to keep finding fault with them. They get enough of that from others. It is to look for the good things that they do, and to point these out to the public. Our responsibility is to encourage them, and to help them improve."

It was a new, and unfamiliar perspective. And, at first, I was not sure I agreed with it. But over time, I came to see his point, particularly with regard to Philippine arts, which, as Bien said, generally have a rough time. For, as we all know, it is not easy to earn a living through the practice of one's art.

It was when we returned to the country for good, in 1990, and I went back to my old job in UP, that Bien and I became really good friends, as colleagues in the UP Institute of Creative Writing. Working closely together for nearly 30 years in the summer workshops in Baguio, in meetings and conferences in the old UP Faculty Center, at planning sessions in Jimmy Abad's house in Antipolo. We have spent many long hours breaking bread, drinking wine and making merry, at countless birthday parties and literary events in Manila and other cities. I have also worked with Bien in Philippine P.E.N.

I didn't always agree with his position on things, and Bien never pressed anyone to do so. He was unfailingly polite, sober, gracious, even-tempered, clear-minded. But he was also fun.

During our Baguio workshop, there was a time, when a bunch of us would go out every evening, after dinner at our hotel, for drinks in whichever restaurant or club this favorite band of ours—called On Call—was playing. They had a varied repertoire, which ranged from "Gethsemane" from *Jesus Christ Superstar*, to "Minsan Ang Minahal Ay Ako" from *Katy*. One evening, Bien demanded to know where we went every night. And, when we told him, he announced that he would come along. We were, of course, delighted. We arrived at the club, and the lead singer welcomed us over the mic, calling us "our friends from UP." In turn, we introduced the National Artist in our group, and they were suitably impressed. The next time we showed up with Bien, the band had obviously done their research, for they launched into a

song from one of the plays Bien had written the libretto for. And it was Bien's turn to be impressed.

When I became director of the UP ICW, it was to Bien that I turned for guidance and advice, when there was a particularly thorny issue I had to resolve. Sometimes I would even request him to personally intervene. I knew I could always rely on his calming presence, his sense of fairness, and his wisdom. And I knew that everyone would defer to his judgment. Bien never once refused me, or disappointed me.

I was very fond of Bien. He had been my friend for almost four decades. And I have also greatly admired him. He was high-minded and steadfast, a brilliant and brave man. But he was also a kind man, patient, generous, and humorous.

So, maraming salamat, Bien, for your friendship, and for the many things you taught me, by simply being yourself. Paalam, kaibigan. ♦

# Bienvenido Lumbera, the Ateneo Years (1961-1972)

---

Soledad S. Reyes

*This is a slightly edited version of the author's Introduction to Bienvenido Lumbera at "Bienvenidos: Sa Muling Pagbabalik," a program initiated by the School of Humanities, Ateneo de Manila University, to honor the new National Artist. It was held at Escaler Hall, Ateneo de Manila University, 22 September 2006.*

**W**e are gathered here tonight to honor Dr. Bienvenido Lumbera and his singular achievements as one of the nation's National Artists.

That he has played and continues to play a key role in defining the role of the artist in a troubled society is an established fact. His involvements in various mass movements have made him an ubiquitous presence. His work with such organizations as Bayan, Concerned Artists of the Philippines, and other groups, has crystallized in us an image of an individual whose vision of nationhood has remained clear and steadfast through the vagaries of time. His detention at Camp Bicutan shortly after the declaration of Martial Law in 1972 was only a part, indeed a major part, in a riveting narrative of his quest for an ideal world, but with feet firmly on the ground.

But only a few of us know anything about his life before his activist days. In retrospect, life was a constant struggle against numerous odds in the early years.

Bienvenido Lumbera was in his early twenties (a journalism graduate of Santo Tomas University) when he first left for the United

States as a Fulbright scholar in 1956. He received a Master's degree and completed his doctoral courses at the University of Indiana between 1956 and 1960. He then joined the Department of English of the Ateneo de Manila University in 1961, as he did research for his dissertation on the development of Tagalog Poetry. In the postwar decades, fledgling scholars like him confronted tremendous obstacles—the absence of comprehensive research guides, appalling state of research, primary materials languishing in libraries, the general air of indifference to formal studies being done on aspects of Philippine Literature. In those years, literature in English enjoyed a privileged status over vernacular literature, a condition that still prevails today.

Dr. Lumbera subsequently returned to Indiana University to finish and defend his dissertation in 1966-67. He was a thirty-five-year-old newly minted graduate of a prestigious university when he returned to the Philippines in 1967. He subsequently took over the Chairmanship of the English department from Antonio Manuud in 1968. By the late 1960s, the country was already in the grip of powerful societal forces and demands for change reverberated in the air. The University on the hill did not remain unscathed, as faculty and students agitated for change which was bound to create conflicts on various levels. Lumbera was a casualty of the ongoing ideological struggle.

Today, after thirty-four years, he has returned to the University where he spent more than decade as an administrator, a teacher to undergraduates, a mentor to graduate students (some of whom are here with us as faculty members, older and we hope, wiser!). Had his activities been limited to teaching and mentoring, Dr. Lumbera would be remembered fondly by countless Ateneans, for whom the years before Martial Law were palpably real, and not mere footnotes in history, for his passion for scholarship and staunch nationalism.

In retrospect, however, Dr. Lumbera did much more, much more than generations of teachers after him are probably not even dimly aware of. Such is the failure of institutional memory to retrieve and preserve aspects of its past that help define how the Ateneo tradition has evolved through the years.

Realizing the power of education to mould minds, the English Department initiated changes in the core curriculum and graduate courses in the 1960s. A pivot was made from the Eurocentric orientation to a thrust that sought to teach literature in terms of genre. Thus, the literature courses were taught as Introduction to Fiction, Introduction to Poetry, Introduction

to Drama, and Introduction to the Essay. Short stories and poems from different parts of the world appeared in the textbooks. The course on the essay offered an alternative view of the genre as more than just appreciating the exquisite artistry of English and American essays. In *Rediscovery*, the En 26 textbook, Filipino writers (e. g. Fr. Horacio de la Costa, SJ, Renato Constantino, Mary Racelis, Leon Ma. Guerrero, Claro M. Recto) and a few foreign social scientists (e. g., Mary Catherine Bateson, Harold C. Conklin, William Henry Scott, Edgar Wickberg) explored issues pertaining to Philippine history and culture.

In the summer of 1969, Philippine Literature was offered as a graduate course and allowed the entry of hitherto marginalized Filipino authors into the curriculum. The course was handled by Dr. Lumbera and Nicanor Tiongson.

As a result of the growing interest in Philippine studies, Lumbera, Manuud and Tinio conceived of a lecture series, to be given by Filipino scholars from various disciplines, aimed at clarifying key disciplinal issues in literature, history, anthropology, music, to name a few. It is in this series where Lumbera demonstrated the power of his intellect as he studied Tagalog literature and its cultural and historical context. Studies had earlier been done on those topics but not in the way that manifested a scholar's painstaking research. The book came out as *Brown Heritage* (1967) edited by Antonio Manuud.

In the field of criticism dominated by critics—Filipinos and a few foreigners—and focused mainly on literature in English, Lumbera's critical essays infused a new energy into criticism in the vernacular. In several issues in the late 1960s, *Philippine Studies* published his pioneering dissertation on Tagalog poetry that contextualized the texts against culture and history. His scholarship and comprehensive analysis of Tagalog poetry lent respectability to an area where solid analysis and scholarship were hardly evident.

Through his initiative, *Philippine Studies* published the Urian series where the writing of major writers in Filipino (extremely popular in their time but now marginalized) were analyzed by such foremost Filipino writers as Teodoro A. Agoncillo, Amado V. Hernandez, Andres Cristobal Cruz, to name a few. Consequently, the writing of Cirio H. Panganiban, Patricio Mariano, Lope K. Santos, Jose Corazon de Jesus, among others, occupied center stage in the prestigious journal better known for its studies in theology, philosophy and history.

Dr. Lumbera also contributed to the formation of a group of young

campus writers collectively known as “Bagay Poets” who, in the tradition of western Imagist poets such as Ezra Pound, wrote to render objective reality by approximating the “thingness of the thing.” Salvador Bernal, Jose Lacaba, Emmanuel Lacaba, Alfredo Navarro Salanga, among others, wrote poems stripped of all the excesses highly favored by generations of poets, in the country and elsewhere, who had succumbed to the influence of Romantic poets. This painstaking effort to capture the image in its purest, unadulterated form remains the hallmark of poetry written by Ateneo poets, thanks to the influence of Lumbera and Tinio who also wrote poetry, and their colleague Eric Torres who was making a name for himself in the 1960s.

On November 17, 1968, *The Guidon*, the campus newspaper, came out with an article, “Down From the Hill” penned by several Ateneans. In the article, the writers argued the need for the University to answer the challenge of Filipinization, in the midst of nationwide calls for a more nationalist orientation as a response to the pressing needs of a country, a victim of its history as a colonized nation. The mass movements on campus resulted in massive cries for boycotts, teach-ins, book-burning, tire-burning, testy confrontations between the students and some Jesuits, as administration sought to address the issue.

Questions about the role and function of Ateneo had already been raised on campus in the 1960s. The issue gained urgency as the unrest spread. In 1970, the Kagawaran ng Araling Pilipino was formed with Dr. Lumbera as the Director. Nicanor Tiongson, a member of the English faculty and a rising scholar, joined him, and so did Virgilio Almario, who was making a name for himself as a modern Filipino poet. And so did the prized recruit, Amado V. Hernandez, a venerable icon whose life and career as a labor leader, crusading journalist and committed poet and novelist, caused his imprisonment as a political prisoner. Dr. Lumbera persuaded the feisty writer from Tondo, newly released from prison, to teach at the elite university. Two courses—Panitikan at Retorika—were required of all Bachelor of Arts students. The Kagawaran also offered courses in Tagalog Poetry and Tagalog Novel.

In 1970, as a result of the newly discovered “relevance” of Filipino in the nationalist struggle, the first workshop in Filipino, the Palihan, was held at the Art Galley of the University. This workshop was significant as the first-ever workshop that invited young writers writing in Filipino, and staffed by established luminaries in Tagalog literature that included Clodualdo del Mundo (from the much maligned weekly magazine *Liwayway*), Ponciano B. P. Pineda, Pablo Glorioso, and fictionist Anacleto Dizon, to name a few.

The participants included Jose Lacaba, Rogelio Sicat, Ruth Elynia Mabanglo, Rosario de Guzman Lingat, and others, whose contributions to literature could not be denied. This Palihan took issue with the notion that English was the pre-eminent of language for creative writing and criticism, even as it questioned the role of critics schooled in Formalism as exclusive arbiters of literary taste, an unexamined assumption in various English workshops.

Such crucial questions on the nature of literature in a colonized country, on its function vis-à-vis the ordinary readers, the role of Filipino in the production of texts, the role of the writer, the relationship between matter and form, among others, were to be further addressed and systematically explained when PAKSA (Panulat Para sa Kaunlaran ng Sambayanan) was formed by Lumbera and Almario, to name a few, in March 1971. The critique of the existing power structure in culture and literature had now become multi-layered, even as the movement gained a huge following among faculty members and students in various universities.

In retrospect, it is easy to understand—given the historical and comparativist orientation of Dr. Lumbera's career as a scholar and critic; given the interconnected events impacting and almost destroying the nation in the 1960s and 1970s; and given the calls for intellectuals to join pro-people movements—his deepening commitment to the nationalist cause to the extent of losing his freedom. His role as an intellectual was thus fused with his role as a nationalist. His aesthetics and his politics had become intertwined.

The scholar/critic never lost his profound sense of history. He was never a dyed-in-the-wool Formalist for whom nothing mattered except ART, even in the early stages of his career as a critic. Tradition and historical-specific contexts always had a role to play in any production of texts. This was evident in his well-researched dissertation, and became more pronounced in his other books on the history of Philippine Literature, on the cinema, on vernacular literature, on popular culture.

In 1994, Dr. Lumbera received the Ramon Magsaysay Award. In his response, he said:

Para sa akin, history and culture ang nag de determine kung paano tayo kumikilos, tumitingin, nagpapasya. Ano ang history na yon? History ng Pilipinas na nagsimula when we were conquered by the Spaniards. [when] we were taught a new religion. Ang mga values na dinatnan nila ay kanilang tinangkang baguhin sa pamamagitan ng pagpapasok ng relihiyon, paghingi sa kumpisal ng panalangin. Tapos dumating ang mga Amerikano. Iba na namang kultura ang dala ng mga Amerikano. They have a public school. Sa eskwelahan tinuruan ang mga Pilipino ng bagong language. Pinabasa sila ng mga libro na originally ay para sa mga Amerikano. Ngayon, iyon ang tinuturing kong history. Hindi mga dates. Hindi mga pangalan kundi ang dinanas ng mga individual na mga Pilipino sa panahong nagdaan. So maaari nating ma-access ang mga pinagdaanan ng mga Pilipino sa nineteenth century. Sa pamamagitan ng pagbasa ng mga akda ng awtor ng mga akda nung nineteenth century; na

sinulat ng mga taong nag-aran sa kanilang kultura so lahat nang yan ay part ng history na tinutukoy ko. Kultura. So meron dalang kultura ang Kastila. Meron dalang kultura ang mga Amerikano. So, hindi buo at consistent—‘a ito espanol lang ang aking pinagdaanan. A eto Amerikano lang ang aking pinagdaanan.’ Hindi. Halo-halo yan. Hindi natin mapaghiiwalay-hiwalay. So yun ang history and culture na tinutukoy ko.

[For me, history and culture determine how we act, look and decide. What is that history? The history of the Philippines, which began when we were conquered by the Spaniards; when we were taught a new religion and when they tried to alter the values that they saw to be prevalent among the natives. Then the Americans came and brought a new culture. They brought public education. In schools, Filipinos were taught a new language and were asked to read books originally meant for American readers. That was the history I was talking about. Not the history of dates. Not the history of names but the experiences of the Filipinos in eras past. So, it is possible to access the experiences of the Filipinos during the nineteenth century by reading their works, including those written by the Spaniards. That was the history I was talking about. Culture. The Spaniards brought culture. The Americans brought culture. So, things cannot be consistently whole (This is Spanish. This is American.). It is mixed or hybrid. We cannot divide that into parts. That was the history and culture that I was referring to.] (Personal interview, February 3, 2012).

For Lumbera, the most important criterion for proposing or constructing a theory is historical analysis. In fact, he stopped short of saying (in the quotation above and in his other writings) that excavating the past is the only means to achieving a full understanding of indigenous aesthetics and critical practice. Yet that past is only accessible to us through the remaining texts; in the case of my study in *Pelikulang Komiks*, extant *komiks* prints produced in the 1950s and their extant film adaptations. For

Lumbera, the true historical insight is found in the evidence provided by the texts and this should be the fount of any analysis of indigenous cultures. A materialist scholar through and through, Lumbera was quick to point out where I should go and which sources I should consult. (“So ang maaari mong gawin ay konsultahin mo ang listahan ni Momblanco<sup>2</sup> ng mga pelikulang nagawa sa kasaysayan ng pelikula tapos indicate mo na itong nobela ni ganito. Ito maikling kwento [ni ganito]... Pero mas madalas nobela ang pinagbabatayan.”)[So what you could do is consult Momblanco’s list of films produced and then identify which were based on novels or short stories. However, most of the time, films were based on novels]) (Personal interview, 3 February 2012).

Lumbera was a prime advocate for research documentation that he suggested in “Problems in Philippine Film History” one of the priority requirements in conducting a definitive and comprehensive history of Philippine film: “First an annotated filmography. This will not only describe films that have been made in the entire history of the industry, but should also locate copies of films still available”(185).

A comprehensive list of films or an annotated filmography is the same requirement needed in investigating film adaptations of pre-existing sources such as *komiks* serials, particularly if the end-goal of such project is constructing a proposed theory of adaptation. When I told Lumbera that a grounded theory approach in film adaptation studies may not entirely be applicable to my project because I believe that my ideological bias would always intrude into my methods, he was quick to give a reassuring comment that my claims are true of all theory-building projects in cinema studies. He was emphatic on this in the following extract from the 2012 interview:

Unang-una siyempre, hindi naman kasalanan, hindi naman ipagbabawal yung mayroon ka nang (teorya). Siyempre, you are moving towards a particular point. Along the way pwedeng magbago ang mga original intent. Siguro yung sinasabi nila huwag munang i-state black and white kung ano ang iyong theory...kasi dapat isaalang-alang na in the course of your research, you will come upon variations. You will come upon changes. You will come upon new concepts. And that will modify your thesis. Pero don't fear. Huwag kang matakot. Meron kang preconception dahil yan ang iyong gabay towards the point that you are going to make eventually. Ang iniisip ng mga nag-o-observe sa mga

theory-making para bang you start na blangko ang iyong isipan, which is ridiculous dahil hindi pwedeng ganon. Meron ka nang concept na hindi mo pa nalilinawan, yung research mo is precisely to find the data that will make you certain na ang pinupuntahan mo ay tama. So kung meron kang theory o nabubuo [na] ang theory sa iyong isipan, ituloy mo yon. Ihanap mo ng mga katibayan. Now in the course of your process will lead you to modify some of the terms in your theory.

[Firstly, it is not the fault of the researcher if he or she had already a theory or hypothesis in mind. Of course, you are moving towards a particular point. Along the way, the intent may change...you do not have to state the theory black and white because as you go through the research process, you will come upon variations, you will come upon changes, you will come upon new concepts. And that will modify your thesis. But don't fear. You have a preconception because that is your guide towards the point that you are going to make eventually. Those observers of theorists thought that you come to an inquiry tabula rasa, which is ridiculous because it is not possible. You have a concept that is not yet clear on your mind. Your research is precisely to find the data that will make you certain that what you are pursuing is correct. So you have a theory or are constructing a theory in your mind. Follow the lead. Look for evidence to support it. Now in the course of your process, you will be goaded to modify some of the terms in your theory.] (Personal interview, 3 February 2012).

My take-away from that encounter was the re-affirmation of my understanding of the importance of theory-building through massive data research, which Lumbera had been a lifelong advocate of. He was a believer in a nuanced understanding of the marriage between colonial aesthetics and native knowledge. Yet, he was emphatic that any form of conviction must be born out of the evidence from the ground. In "Problems in Philippine Film History," he mentioned that aside from an annotated filmography, Philippine cinema studies should be able to yield "a selective bibliography,"

"oral histories of surviving film workers from the period," and "a film archive" (186). These sources will bolster the material evidence that will help theorists as they work from the ground.

### **Dating at Galing [Beauty/Impact and Talent]**

Lumbera had specific opinions on the location of culture in unravelling local aesthetics and in crafting standards for judging excellence in film practice. I surmise that these apply, too, to film adaptation practice. In "An Approach to the Filipino Film," Lumbera noted the importance of unravelling a process of formulating these local standards for judging local films; thus:

Aesthetic standards are formulated after an analysis of specific works located within a *particular* cultural continuum. For this reason, values native to the society in which the norms have been formulated adhere to aesthetic standards. Thus, in using American standards to judge Filipino films, we have been for a very long time measuring the worth of our films on the basis of American values. Many are the occasions when these values have interfered with genuine understanding of Filipino films, leaving our Western-oriented critics baffled and resentful. And often the absence of these values in Filipino films has been mistaken by the younger, more adventurous filmmakers for aesthetic failure, and so they force these values into their works regardless of the distortion created in the image of the culture reflected by the films. (195)

That Lumbera was open to the indigenous understanding of beauty and excellence that is almost instinctive came from his long-standing commitment to the location of culture in the native spirit or local categories of thought. It guided him throughout his incursion into the history of Tagalog poetry, his analysis of specific films as a member of the *Manunuri*, and his own conviction to understand the *dating* (the impact of a film or book on the people). This is his bottom-up reading framework—the audience dictating the meaning and the form of the body of works, be they film or another cultural text. He elaborated this to me in 2012 thus:

Yes, I do believe na dapat ganon ang proseso na dapat mangyari. Ang assumption natin ay may pinanggalingang lokal ang mga bagay-bagay na nagmanifest in our art. So yun ngayon ang ating hinahanap. Kung paano yon matatagpuan ay kinakapa natin yan e. Ang sa akin, sa literature, mayroon akong dalawang concepts na attempts at getting the basis at native concepts for the evaluation sa Philippine writing: yung tinawag kong *dating* and *galing*. *Dating*: ano ang impact nito sa mambabasa? We assume na ang mambabasa ay hindi rin blangko. Meron na yang certain experiences that make the reader respond to certain points in the narrative. Yun *dating* sa aking article, sa original article, merong awareness sa history of the Philippines. Hindi siya historian pero meron siyang awareness kung ano ang nangyayari sa kasaysayan. Meron siyang encounter with literature. Meron siyang encounter with tales and sayings. Yung mga yon ay nandoon sa reader. Pag kasi naharap sa isang akda, mayroon siyang mare-recognize. 'A oo nakita ko na yan. Nadanasan ko na yan.' The reader responds to the literary work. So isang batayan yan ng pagkilala sa katutubong teorya, sa katutubong tunguhin. At ngayon, paano nagagawa ng isang awtor na kilalanin na mahusay ang pagkakagawa nito. Yun yong *galing*. So may ginagamit na techniques ang mga manunulat upang ipakita na ang *dating* at ang *galing* ay magkaugnay.

[Yes, I do believe that the process (is to uncover native aesthetics and critical practice). Our assumption is that there is a fount or source of impulses that make their manifestations in our art. That is what we are looking for. How we will find it is still a work in progress. For me, in literature, I have two concepts that attempt to get at the bases of the native conceptual categories for the evaluation of Philippine writing: what I call *dating* at *galing*. *Dating*: what is its impact to our readers? We assume that our readers are not blank page or *tabula rasa*. They have certain experiences that make the reader respond to certain points in the narrative. With *dating*, in the original article that

I have written, there is awareness of the history of the Philippines. He or she may not be a historian but he/she has this awareness of what is happening in history. He/she has an encounter with literature. He/she has an encounter with tales and sayings. These are in our readers. When they encounter a work, they will recognize something. ‘Yes, I saw that once. I experienced that once.’ The reader responds to the literary work. So that is a basis for a native theory, a local perspective. Now, how can an author affirm this indigenous knowledge and effectively bring this onto his/her work? That is *galing*. The author deploys techniques to demonstrate that *dating* and *galing* are interrelated.] (Personal interview, 3 February 2012).

The intersection between the experience of the reader/viewer and the effort of the writer or filmmaker is crucial to Lumbera. It requires an understanding of the dynamics of a relationship between the creator of a cultural text and the horizon of experience of the consumer. This hermeneutic of convergence is exactly how Lumbera envisioned his historicist framework. This creative dynamics—when both the communicator and the viewer draw from a historical fount, their previous experiences and their recognition of how culture is located in specific moments where the foreign meets the local, the folk meets the popular, the borrowed meets the native—is the key, Lumbera explained, to a localized theory. Furthermore, he added:

So pag nagkaganon, tatanungin natin. Bakit mo sinasabing ito'y mahusay? Kasiya-siya ang isang likha? Dahil may naramdaman ako nang aking basahin. Maaaring nakita [ko] at mahusay naman ang ginawa ng awtor na ipakita ang aking naramdaman. So yun sa akin ang panimulang pag-arok sa tinatawag mong indigenous culture. Hindi yon batay sa libro kundi batay sa audience na itinuturing mong may karanasan na. At ang iyong akda ay may naaantig dun sa naranasan na ng mambabasa. Ibig sabihin, ang kahulugan ng isang akda ay hindi naka-depende lamang sa sinasabi ng isang awtor na ganito, ganoon, kundi yung [sinasabi] ng audience. Hindi blankong papel [ang] sinusulatan mo bilang awtor. Habang ginagawa mo, o kung may likha ka na

ginagawa, bilang isang awtor, marahil ang awtor na ito may pinagdaanan, marahil may pinagdaanan na katulad ng sa akin. Akin ngayong aantigin ang mga bagay na alam kong magdudulot sa reader ng mga insight, sa reader ng pleasure at yung aking sining, yung *galing* ay aking gagamitin upang mabigyang kaalaman, kasiyahan ang aking mambabasa. So yan ang teorya ko tungkol sa pagtuklas ng pamantayang lokal. Mayroong panahon na nanalig lamang ang mga commentators on art sa mga napag-aranan lamang nila sa unibersidad. E yung napagaralan nila ay teoryang galing sa kanluran, base sa karanasan ng mga taga kanluran na maaaring may point of contact sa mga karanasan ng mga Pilipino pero ang kabuuhan noon ay dulot ng kultura nila hindi yung kultura ng mga Pilipino. And by kultura hindi ko tinutukoy yung mga akda, mga paintings, mga musika kundi yung mga bagay bagay na ginagawa ng mga tao sa kanyang lipunan. Yung bunga ng kanyang interaksyon with other Filipinos like...

[So when that happens, we will ask. Why do you say this work is good? Why a work is pleasing? Because when I read it I felt something that the author had been able to project, which coincides with my own feeling. For me, that is the first stage in analyzing what we call indigenous culture. It is not based on the books but on what the audience experienced. The work strikes a chord in the audience. This means that the meaning of the work is not dependent on what the author says. The audience is not a blank sheet. While a work is being produced, the author is able to capture what the audience has also experienced. I will touch on things that will elicit some insights from the reader, some pleasure and I will use my art, my *galing* to provide information, pleasure to my reader. That is the theory about discovering local knowledge. There was a period when commentators on art believed only on what they learned from the university. But what they learned were theories from the West, based on the experience of Western people that had a point of contact with the

experience of the Filipino. Yet, that culture had nothing to do with Filipino culture. And by culture, I am not referring to the works, paintings, music, but what the people accomplished in society. These are the products of their interaction with other Filipinos...] (Personal interview, 3 February 2012)

That conversation with Lumbera at his office at the old Faculty Center at UP Diliman led me to a greater understanding of adaptation studies and the theory of adaptation that I was then attempting to construct. Firstly, he affirmed my understanding that I have to let the data (in this case, the archive) speak for themselves since I can only reconstruct the era (1950s) from the remaining archive or extant works. Secondly, he inspired me to take a second look at how the ordinary Filipinos respond to popular works; that is, the formation of a popular consciousness that academic theory has always looked upon in a condescending manner. Thirdly, Lumbera proved to me that one's honest purpose to unravel the truth about the Filipino sensibility will lead to unexpected and surprising results. In this case, when he embarked on writing his dissertation on modern Philippine poetry at Indiana University in the 60s, and instead ended up with a work on the history and formal analysis of Tagalog poetry was a case of honest and earnest scholarship. He was led to a place of greater importance, a place more beneficial to the Filipino in the process. That understanding taught me that my prospective theory should never aim to prove another supposition wrong; it should actually be aimed at the recognition of the *galing* of both the 1950s komiks writers and the filmmakers who adapted their works and the *dating* of these works to the readers/viewers of the 1950s.

Although we could say that the *komiks* creators and the filmmakers were partially impelled by the commercial benefit that may be derived from this enterprise, Lumbera taught me that somehow, during a brief time during that decade, the artists were successful in reading the experiences of the readers/viewers of their works. The *komiks* readers and film viewers of the 1950s viewed with so much agility the *dating* of the works because they had recognized the stories narrated there as their own. Lumbera taught me not to condescend to the popular bent of such relationship; instead he taught me to look at that dynamic dialogue as an indigenous conversation and to look at it neither with regret nor scorn but with the cheerful understanding of a humble researcher of culture.

As we concluded the interview, I requested the soft-spoken National Artist if I could take his picture (since there was no one in the hall to take our picture together). He obliged willingly and gave out a simple smile. As I left his office, I went away thinking of how his thoughts, delivered in Filipino, with a smattering of English words and phrases, held so much power. It was a lifelong analysis of a theory of culture that held deep respect for its movers, its people. Bienvenido Lumbera made culture his life's work, history his life's method, and love for the nation and its people his guiding spirit.

My then prospective theory sounded so foolish compared to that lovely stance of a scholar who had spent his youth working toward an interest in knowing his people and their literature but came away as a spokesman for their spirit, for their own *dating* and *galing*. ♦

## Endnotes

<sup>1</sup> Based on an interview conducted with the late Professor Bienvenido Lumbera on February 3, 2012 at the old Faculty Center, University of the Philippines Diliman in connection with the author's dissertation titled "Pelikulang Komiks: Toward a Theory of Filipino Film Adaptation" (UP College of Mass Communication, 2013). The said dissertation won the Best Dissertation Award in PhD Communication in 2013. Its book version came out in 2019 (University of the Philippines Press).

<sup>2</sup> Prof. Lumbera was referring to Carmencita Momblanco's thesis cited below:

Momblanco, Carmencita. "Philippine Motion Pictures 1908-1958: A Checklist of the First Fifty Years." MA Thesis, University of the Philippines Diliman. 1979. Print.

## Works Cited

- Arriola, Joyce. *Pelikulang Komiks: Toward a Theory of Filipino Film Adaptation*. Quezon City: University of the Philippines Press. 2019. Print.
- Bhabha, Homi. *The Location of Culture*. London/New York: Routledge. 1994.
- Inglis Fred. *Media Theory: An Introduction*. Oxford: Basil Blackwell. 1990. Print.
- Lumbera, Bienvenido. *Tagalog Poetry 1570-1898: Tradition and Influences in its Development*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press. 1986. Print.

- . "The Tagalog Film and the Logic of Irony." *Revaluations* 1997. Manila: University of Santo Tomas Publishing House. 1997. Print.
- . "An Approach to the Filipino Film." *Revaluations* 1997. Manila: University of Santo Tomas Publishing House. 1997. Print.
- . "Problems in Philippine Film History." *Revaluations* 1997. Manila: University of Santo Tomas Publishing House. 1997. Print.
- . Personal interview. 3 February 2012.



Photo of National Artist Bienvenido Lumbera taken by the author at his office at the old UP Diliman Faculty Center. (Photo taken by the author, February 3, 2012)

# Tawid-Diwa sa Pananagisag ni Bienvenido Lumbera: Isang Pagtáya sa Diskursong Makabayan/Mapagpalaya

Dexter B. Cayanes

Bukál ng kamalayang-bayan para sa kasalukuyan at makabuluhang diskursong pangkasaysayan at pampanitikan ang paglalangkap ng kritikal na interpretasyon at pagsusuri sa salaysay (teksto/kritisismo/sanaysay) ni Bienvenido Lumbera at ng kaniyang akdang pampanitikan na “Pananagisag” na matatagpuan sa magasing *Sagisag* mula taóng 1975 hanggang taóng 1979. Sa imahinatibong yugto ng Batas Militar, maipagpapalagay na pinanday at lalò pang tumalas ang kritikal na haraya at kaisipan ng sarili/sabjektiviti, ng pagkamalikhain ng manunulat sa Filipino na mulát at namulat sa mga kabalighuan at katotohanan sa panahon ng diktadurang Marcos.

Sa pamamagitan ng kritikal na kasaysayang pampanitikan at pag-uugnay sa diwàng makabayan na humuhulagpos sa nakaraan at kasalukuyan, mabibigyang halaga ang pagdalumat sa tawid-diwa o ‘*specific time-continuum*’ ayon kay Lumbera. Napakahalaga ng tawid-diwa bilang pagsasatinig ng diskursong nakapaloob sa proyekto/praktika ng kontra-gahum (*counter hegemonic practices*) at postkolonialismo (progresibo, sirkumbensyonista, at mapagpalaya) na matutunghayan sa kaniyang kolum (pangulong-tudling) na “Pananagisag” at ang kaniyang “pananagisag” o paninimbolo sa mga salaysay/kritisismo/akda. Mahalagang maisalin ang kaalamang ito, lalò na kung tititingnan natin na sa “maraming pahiwatig na ang mga diwàng bumubuhay sa ating kamalayang simboliko ay nabubuhay sa katumbalik ng kasaysayan—ang panitikan” (Valdez 252). Gayon ang kapangyarihan ng kasaysayang

bayan at ng mahigpit na ugnay ng mga akdang pampanitikan/kultural na teksto na ipinagpapalagay na bumuhay sa magasing *Sagisag* sa ilalim ng pamamatnugot ng Pambansang Alagad ng Sining na si Bienvenido Lumbera sa kasagsagan ng diktadura ng rehimeng Marcos.

May nagaganap na diyalogo sa mga bagay na naisulat na. Sa konteksto ng pagsusulat ng kasaysayang pampanitikan, mga teksto itong bahagi ng nakalipas subalit sa sandaling pag-usapan at pag-isipang muli sa paraan ng pagpapagitaw ng diskursong makabayani na nagmumula sa lalim ng danas at sa lawak ng tanaw na umuugnay sa nakaraan at kasalukuyan, nagagawa nitong aktibong bakasin at balangkasin ang kompleksidad ng hangaring alamin ang kaakuhan (identidad) ng sarili/manunulat/intelektuwal, ng kaniyang kamalayan at pagkataong Filipino at pagpopook ng kaniyang paninindigan/pakikibaka sa tagisan para sa pambansang kasarinlan. Nagsisilbing isang pagbubukas ito sa hindí matapós-tapós na usapin ukol sa wika, sa panitikan, at usapin ng dekolonisasyon sa sosyo-kultural na larang dahil walâng katapusan ang pag-uusisa, lalò na dahil maituturing na buháy ang mga anyong ito at patúloy pa rin ang pakikipagtagisang ideolohikal-politikal sa kasaysayan ng bayan sa espesipikong yugto nitó—ang imahinatibong yugto ng Batas Militar.

Hábang patúloy na binubúlay-búlay ang kahalagahan at kahulugan para sa atin sa anyo ng kamalayang-bayan, napatingkad nitó ang diwa ng “pagsasarili” ng maláy na paghulagpos ng mapagpalayang kamalayan, ng pagkatao, ng identidad, at ng kamulatang Filipino. Kamalayang-bayan ito na taglay ang pagsasanib ng mga kaisipan, kaalaman, haraya/imahinasyon, hinuha, at alaalang makakatas mula sa mga teksto/akdang pampanitikan, salaysay, at tinig mula at para na rin sa bayan. Representatibo rito ang artikulasyon ng pagtatalaban ng mga puwersang panlipunan (kolonyal na institusyon hegemóniko/resresivo at ideolohikal na aparato ng estado vs. progresivo/mapagpalayang kilusang-bayan/Kilusang Pambansa-Demokratiko) sa kasaysayan na nanunuot sa málay ng indibidwal na manunulat/intelektuwal na naging aktibong bahagi ng pagbabagong panlipunan.

Sentral sa kabuoan ng pag-aarial na ito ang kompleksidad ng diwâng makabayani na humuhulagpos at ang ugnay nitó sa batayang konsepto ng tawid-diwa sa paglalahad ng kasaysayang pampanitikan. Sa binubuong kasaysayang pampanitikan, ipinagpapalagay ng mananaliksik na ang pag-aarial ng búhay bílang manunulat/intelektuwal at ang kaugnay na mga akda ni Bienvenido Lumbera ay mayroong masalimuot na ugnayan sa kasalukuyang

pag-imbulog ng proyektong postkolonyal (Ordoñez 21); gayundin ang dinamismo ng kontra-gahum na matatagpuan sa P/pananagisag nitó sa espesipikong kasaysayan ng lipunan at pagsulong ng kilusang makabayan bago at sa mismong panahon ng Batas Militar na mailulundo naman sa tawid-diwa.

Saklaw ng tawid-diwa ang sarili bilang manunulat at intelektuwal, ang subjektiviti sa pagsasaanyo ng talambuhay ni Lumbera at ang matutukoy na makapangyayaring yugto ng kaniyang paghulagpos bilang programa ng kontra-gahum alinsunod sa pananaw ni Smith (58-61) at postkolonyal na proyekto sa magkasalikop din na maigting na paghulagpos ng bayan sa kasaysayan. Upang maging makabuluhang ang usapin ng makabayang diwa ng paghulagpos ng indibidwal na manunulat/intelektuwal at bayan, mahalagang maisakonteksto naman ito sa kaligiran (*milieu*) at datos/talâ ng kasaysayang bayan. Matatagpuan ito sa kasalukuyang pagdiskurso ng kasaysayang bayan (batay sa bisâ ng paggámit nitó sa librong *Kasaysayang Bayan: Sampung Aralin sa Kasaysayang Pilipino*) bilang aktibong paglalahad ng bisâng postkolonyal sa kasaysayang pampanitikan. Batay sa mailalahad na kasalukuyang pagsasakonteksto nitó ukol sa pagpapayaman ng pagdalumat sa diwa, maitatanong natin ano ang tawid-diwa? Bakit tawid-diwa?

Nabuo ang konsepto ng tawid-diwa sa kontekstong historikal bilang pagsisikap na unawain ang pagkamulat (sa loob ng neokolonyal na *set-up*) at paglago ng kamalayan at ng kontra-gahum na pagsasapraktika (*counter-hegemonic practices*) ni Lumbera bilang intelektuwal/manunulat. Kongkreto ang gayong paglago ng indibidwal na kamalayan. Ang diwâng taglay nitó ay tinitingnan at tinatanganang hindî maihihiwalay sa kolonyal na danas niya (sarili) at ng kaniyang bayan.

Reflexiv at reflektiv kung gayon ang subjektiviti ni Lumbera, dahil ito rin ang lalamanin ng kaniyang mga akda/sanaysay/kritisimo. Pansinin na lámang ang pahayag ni Lumbera ukol sa kamalayang Filipino sa sanaysay niyang pinamagatang, “Dating’ Panimulang Muni sa Estetika ng Panitikang Filipino.” Aniya:

Alalahanin lámang na **kamalayan ng Filipino** ang sangkot sa proyektong suriin ang mga dahilang nagtutulak sa mga mámbabásá natin na piliing pahalagahan ang isang akda at tanggihan ang ibá. **Naging mapanalasang sandata ng mga kolonyal na administrasyon ang sistema ng edukasyong humubog sa kamalayan ng mga kabataan**

noon, na ngayo'y siyáng may hawak ng kapangyarihan sa gobyerno at sa negosyo ng bansa. **Kamalayan ang larangan ng tunggalian** sa pagitan ng nais na magpanatili sa kasalukuyang kalagayan ng lipunan at naghahangad na magtayô ng lipunang higit na **kumikiling sa mga mamamayang ngayo'y sinisiil at pinagsasamantalahan**. Ang usapin ng estetika ng panitikang Filipino ay usapin ng kamalayang tunay na Filipino. (Lumbera 211) (akin ang diin)

Base sa pananalitang ito ni Lumbera at ng pag-aaral at pag-unawa na rin sa kaniyang akda bílang praktika, ang guwang sa kamalayan (bílang diwa) na siyáng larangan ng kompleksidad na tunggalian at paninindigang mahahango sa panitikan at kasaysayan ng paglaya mula sa kolonyal na gapos ang konsepto ng tawid-diwa. Ito ang postkolonyal na subjektiviti at maipagpapalagay na masalimuot na kontra-gahum na programa sa akto ni Lumbera at maihahanay na makabayang manunulat, isang alternatiba sa/ ng patúloy na pakikipagtagisan sa dominanteng ideolohiya—sa realidad at sa paraan/sistema ng pagharaya sa realidad sa lipunan, lalò na sa panahon ng Batas Militar.

Sa isangpanayam (Enero 8, 2010), ipinaliwanagni Bienvenido Lumbera ang 'specific time-continuum' bílang pagtanaw sa kasaysayang pampanitikan sa bansa na tiwalag sa "panghabang-panahon" o hindî nagbabagong katangian at pamamaraan ng pagtingin/pagbása sa akda at may-akda. Bagkos, ito ang matamáng pag-uugnay sa nagbabagong tanaw at sipat na nagkakabisa sa kamalayan ng may-akda at mámbabásá gayundin sa dinamismo sa teksto na batay sa panlipunang kondisyon na matatagpuan sa espesipikong yugto sa kasaysayan.

Iniugnay ni Lumbera ang paliwanag na ito sa "tawid-diwa" bílang "tanging tunguhin ng pagtawid(-diwa) ng manunulat kahit hindî sadyain" subalit dahil may "kamalayang kultural na (nagsisilbing) pondo o tinggal(an) na binabalikan sa pana-panahon" ay nagging bahagi ng kaniyang artikulasyon o akda. Ang tinggalan o pondong ito sa kasaysayan ay mga "mithiin, adhikain, ideá, o pagkilos" mula sa nakaraan na sa pana-panahon ay nagkakaroon ng kabuluhan "at mapaghahanguan ng aral" para sa kasalukuyan. Kung kayâ, binigyang-diin ni Lumbera ang kahalagahan para sa politikalisyon ng mga manunulat/intelektuwal, ang kaniláng kamulatan at kamalayang historikal (*historical consciousness and awareness*) na maaari nitóng sandigan.

Magiging malinaw pa ito sa pananaw ni Patricia Melendrez-Cruz ukol sa katayuan ng manunulat, ng bisà ng kaniyang sosyo-politikal na kamalayan at ng maláy o ideolohikal na pagpanig nitó:

**Ibinubunsod ng ideolohiyang pinanghahawakan ang paglahok ng manunulat sa usapin at pagbabakang panlipunan sa kanyang panahon.** Sa kanyang pagkaunawa sa katangian ng prosesong panlipunan, kanyang ipinapahayag ang kanyang pinaninindigang panig. Sa lipunang makauri, ang pagpanig ay kalikasán mismo ng obhetibong realidad. Kaangkinang likas din ito sa **panitikan bilang likha ng kamalayan**. Makikíta ito sa pamimili at pagsasaayos ng manunulat sa kanyang paksâ.

Ang manunulat na may kamulatang pulitikal ay hindî lámang maláy sa katunayang ito; higit pa rito, kinikilála't tinatanggap niya na ang pagpanig ay kahingian ng kanyang pagkamanunulat. Kanyang inilalagay ang sarili sa panig ng puwersang nagpapasulong sa lipunan túngo sa hanap na makataong kaganapan at kaunlaran . . . sa pagturol niya sa mga puwersang kanyang itinataguyod o nilalabanan higit siyáng nagiging maláy at mulát sa kanyang pakikipamuhay sa lipunan. Sa lipunang makauri ang pakikipamuhay na ito ay may katangiang ideolohikal. (Alcantara et al. 143-144)

Pinagtibay lámang nitó ang pananaw ni Lumbera ukol sa kaniyang “kamulatang politikal” at kamalayang pangkasaysayan; ng praktika niya bilang intelektuwal; ng manunulat-kritiko. Matingkad ito sa pahayag niya na:

**Ibá ang pag-iisip ng manunulat na may politika.** Nakapaloob siyá sa isang organisasyon, at sa pagpapaloob niya sa nasabing organisasyon, tanggap niya ang mga layunin nitó, at ang kaniyang pagsusulat ay pagkilos túngo sa pagsasakatuparan ng mga layuning ikagagalíng ng nakararami. Samakatwid, ang paglikha niya ay hindî maihihiwalay sa kaniyang politika. (Lumbera 279)

Anong organisasyon itong kinaanibana ni Lumbera at nagsilbing tanglaw ng pagtawid-diwa sa kaniyang mga akda? Ano ang naging bigat at naging dulot ng organisasyong ito sa kaniyang buong pagkatao at paninindigan bilang Filipino? Matutunghayan ang kasagutang ito sa kaniyang kasaysayan batay sa sarili niyang pahayag:

“Nang mabuo ang PAKSA [Panulat para sa Kaunlaran ng Sambayanan] at maging tagapangulo akó ng organisasyon, hindi ko na naurungan ang responsibilidad na aking tinanggap. Ang aking pangalan ay hindi na lámang sumasagisag sa aking sarili, sagisag na rin ito ng panulat na, ayon sa pinakaunang manipestong inilabas ng PAKSA noong 1971, ‘kumakatawan, nakikisangkot, at nag-aangat sa adhikain ng aping sambayanan.’ Kahit nilansag na ang PAKSA ng diktadurang Marcos, hindi ko na matatalikdan ang responsibilidad na iyan.” (Lumbera 283)

Ito sa tingin ko ang inilalatag ng tawid-diwa—politikal na puwersa ito ng subjektiviti ng manunulat. Maláy na paghulagpos ito sa kolonyal na institusyon dalá ng kaniyang pagkamulat na ibinunsod ng nasyonalismo sa “loob ng isang *specific time-continuum*” na sa yugto-yugtong pagbalikwas nitó sa kasaysayan (e.g., Kilusang Propaganda, Himagsikang 1896 at ng radikalismo ng 1960s sa pangunguna ng Kilusang Pambansa-Demokratiko na humantong sa FQS [First Quarter Storm] ng dekada setenta at pagkakatata tag ng PAKSA) ay naggigiit ng kaniyang tunay na sarili o identidad na Filipino, ng isang tradisyon na kinakandili ng pamamayani ng kaisipan at simulain ng kilusan o organisasyong pinagtibay ng tradisyon ng makabayani. Sa madaling salítâ, tumatawid ang diwâng makabayani sa kasaysayan ng kilusang-bayan at sa pagtawid na ito namumulat ang indibidwal at ang bayan dahilan upang humulagpos ito sa kalagayan ng kolonyal na pagkagapos nitó.

Sa dualismong ito ng tawid-diwa, ng ugnay nitó sa sarili/personal/indibidwal at bayan sa loob ng proyektong postkolonyal at kontragahum, mahalaga kung gayong alamin ang dinamismo ng paghulagpos, ng transpormasyong nagaganap sa sarili at sa bayan sa pamamagitan ng pagbakas sa talambuhay ng indibidwal na manunulat/intelektuwal at ng kasaysayan ng bayan. Sa aking naunang pag-aaral Masteral ukol sa “paghulagpos,” nabanggit ko na:

Maipagpapalagay na ang personal o indibidwal na kasaysayan ng paghulagpos ay sumasailalim sa pagbabago at paglago na sanhi at bunga ng kaganapang matatagpuan sa pagsasalaysay ng mas malawak na kasaysayang panlipunan na umeepisko sa búhay ng bawat indibidwal sa isang partikular na panahon at lunan...Ang saysáy ng paghulagpos sa daloy ng kasaysayan ay sentral na problematiko na nangangailangan ng masinop na pagtistis at pagbásang inihahapag ng akto ng pagtatala/pagsasalaysay. (Cayanes 17-18)

Mahalaga sa usapin ng indibidwal/personal/sarili ang proseso ng kaniyang pagkamulat at paghulagpos sa loob ng pormasyong kultural na may kaugnayan sa institusyon ng edukasyonal at radikal na pagbabagong pangkasaysayan at kilusang mapagpalaya sa lipunan. Kung kayá sa seminal na akda ni Rhoderick Nuncio (2008), maipagpapalagay nating nahagip niya ang katumpakan ng dinamismong ito sa pag-aakda ng sarili/pag-aakda ng bansa, ngunit may malalaking guwang (*gaps*) na dapat pang punan na aakuin ng aklat sa pamamagitan ng tawid-diwa. Pansinin ang pahayag ni Nuncio sa kaniyang “Kritikang MakaLumbera: Tungo sa Kritikang Filipino at makaFilipino”:

1. Pag-aakda ng sarili (paninindigan, politika, sabjektiviti) (biografiya bílang kritika) buhay na kritika.

Sa mga nakakakilala kay Lumbera, hindí ko na iisa-isahin, ang aktibo niyang pakikilahok sa usapin ng politika. Bílang kritiko, bahagi ito ng pag-aakda ng sarili.

2. Pag-aakda ng bansa (kasaysayan ng bansa, ang pagsulat ay metapora, ang sarili, diwa, at ang bansa)

Ang bansa ay metapora, ang pag-aakda/pagsulat ay isang proyekto túngo sa imahinasyon ng bansa.

Nagbubukas ang pahayag na ito ni Nuncio ng sipat ng pag-unawa sa “makaLumberang diskurso” at ng biografiya ang talâ ng kaniyang

paghulagpos, ngunit isang balangkas pa lámang ito na kinakailangang punan/bakasin pa rin sa pamamagitan ng aktibong pag-unlad ng kamalayang makabayan ni Lumbera at sa pakikilahok niya sa paggigiit ng kasarinlan at tunay na kalayaan ng bayan na sa bahaging ito ay magagawang linawin sa usapin ng postkolonyal na proyekto at programa ng kontra-gahum. Dahil malaking bahagi ng kaniyang pagiging kritiko, ng pag-aakda niya ng sarili, ay bunga ng organisadong puwersang politikal na maka-Kaliwa na tumatalima at nagsasakatuparan ng dekolonisasyon na sa isang yugto ay nanuot sa kaniyang kamalayan, imahinasyon, budhi, at pagkatao. Kung kayâ, bahagi ng teoretisasyon ng tawid-diwa ang pagbabalangkas ng kasaysayan ng sarili/sabjektiviti at ng bayan. Ang postkolonyal at kontra-gahum sa pagbalangkas ng sarili bílang bisà ng sabjektiviti ni Bienvenido Lumbera na umaalagwa sa kolonyalismo sa kasaysayan: ang kaniyang nakaraan bílang burges at maka-Kanlurang intelektuwal bunsod ng kolonyal na edukasyonal na institusyon ng organisasyon ng manunulat na tinaguriang “PAKSA” bago ang Batas Militar na mahigpit na nakaugnay sa kilusan ng sambayanang Filipino upang igiit (sa anyo ng kontra-gahum) ang radikal at makabayang paninindigan nitó; ang pakikipagtagisan sa kolonyal na institusyon o aparato ng estado sa bansa (e.g., institusyon ng edukasyon); ang matutukoy na proseso ng estruktural na paglalansag/paghulagpos at ang kapangyarihan ng kaniyang akdang pailalim na isiwatalat ang problematiko sa kaganapang ito.

### **Tawid-diwa sa “Panaganisag” ni Lumbera bílang Kontra-Gahum at Postkolonyal na Proyekto**

Malinaw na ang kahalagahan ng talambuhay ng sarili ng manunulat/intelektuwal at ng pagsasalikop nitó sa kasaysayan ng bayan. Ngunit, hindi doon humihinto ang pagtistis at pag-aaral sa kamalayang Lumbera at kamalayang-bayan at ang naganap na pagtawid ng diwâng makabayan/progresibo. Esensiyal sa aklat ang espesipikong yugto sa kasaysayan na matutukoy bílang imahinatibong yugto ng Batas Militar. Ang kaganapang ito sa lipunan ay nagsupling ng pamamaraan sa produksiyong pampanitikan, babansagan ito mismo ni Lumbera bílang *“Art/Literature of Circumvention.”* Ang sirkumbensiyonistang pag-akdang ito sa hanay ng manunulat ay mahihinuhang “ibá” sa naunang estilo at nilalaman ng panitikan bago ang mapanikil na pagdaluyong ng Batas Militar ng rehimeng Marcos. Mahalagang

paglimian ang sirkumbensyonistang panitikan sa usapin ng pagdalumat nitó sa pamamagitan ng tawid-diwa. Dito mapagigitaw ang lalim at lawak ng saklaw ng “sirkumbensyon” na sa pagtáya ng mananaliksik ng aklat na ito ay litaw sa magasing *Sagisag* (1975–1979), espesipiko na rito ang mga sanaysay/akdang Lumbera sa pangulong-tudling o editorial na “Panaganisag.”

Ang mga sanaysay/teksto at talâ ng buhay ng mabulas na pagkatao ni Bienvenido Lumbera bílang kasaysayan ay talambuhay ng kaniyang bayan sa paghulagpos o pagtawid nitó. Ito ang pagtawid ng diwàng makabayang tumimo sa gulugod ng subhetibong pagkatao, damdámin, at paninindigan niya na bunsod ng kritikal na kamalayang suriin ang obhetibong realidad ng kaniyang lipunan sa espesipikong panahon ng “paninimbang” sa Batas Militar. Ito ang maituturing na pusò at kaluluwá ng “makaLumberang” pagpanig laban sa pandarahas, paninikil ng estado sa imahinatibong yugto ng Batas Militar, sa kasagsagan ng rehimeng Marcos ng kontra-gahum—ang pag-akda ng sarili bílang praktika ng pakikipagtagisan sa imahinasyon ng manunulat/intelektuwal na mahigpit na nakakapit sa prinsipyong inilatag ng malusog na harayang iniwi sa kilusang-bayan. Nakahugpong ito sa Kilusang Pambansa-Demokratiko (KPD) na titingnan bílang panibagong pagdaluyong ng kilusang makabayang kinandili sa rurok ng Himagsikang 1896.

Ang pagkilos ni Lumbera bílang manunulat-intelektuwal ay maipagpapalagay na pagpopook ng sarili sa *situs* ng pakikibaka ng bayan para sa lantáy na kasarinlan at kalayaan nitó. Ang kabuoang balangkas ng tawid-diwa ni Lumbera ay mahahango sa estruktural na paghulagpos ng kaniyang pagkatao sa pusò at kaluluwá, ng kaniyang budhi, ng kaniyang kamalayan, at higit sa lahat, ng kaniyang pagsasadiwa sa mga aral ng pakikibakang sa mga panahong matuturol sa kasaysayang bayan na nakalundo sa anti-kolonyal/anti-imperialistang programa laban sa mga dayuhan at lokal o katutubong elite na nagpapanatili ng neokolonyal na kondisyong nagbubunga ng kahirapan, kaalipinan, at kawalang-katarungan sa lipunan. Postkolonyal ang pamamaraan at paninindigang katutubo na iwaksi ang anumang balakid at hadlang sa lantáy na paglaya gámit ang panitikang nakikisangkot ng bansang Filipinas na bahagi naman ng ‘diwàng transnasyonalista’ ng pakikibakang pampolitika/kultural/pampanitikan ng Ikatlong Daigdig (Tolentino 26).

Sa pagkamulat ni Lumbera, ang radikalisyón ng kaniyang pananaw sa daigdig, sa kaniyang kamulatan sa pagpapaloob sa kilusang nagsasakdal sa “imperialismo, burukrata-kapitalismo, at piyudalismo,” masasabing nabawi niya ang diwa, ang tunay na diwàng makabayang. Lalóng nagging

mabulas, nakapokus, at makabuluhan ang panulat na naglatag at nakiisa sa paghihimagsik ng bayan na nagging sandatang ipang-uulos din sa kaaway—ang naging silbi ng panitikang-bayan. Ang organisasyong kinaanib, ang PAKSA, sa bungad ng dekada setenta na naging ilegal sa panahon ng Batas Militar, ang nagsilbing giyá at tanglaw niya sa kaniyang panulat na inilalaan sa kagalingan at kaginhawahan ng pakikibakang bayan “mula sa masa at para sa masa.”

Mula rito, ang aktibong pakikiisa o pakikisangkot batay sa pakikipagkapuwa-tao (*shared identity*) ni Lumbera sa malawakang pagkilos ng bayan ay nagkahugis bílang mga paninindigan at hálagáhan. Paninindigan upang mulíng isulat ang kasaysayan ng panitikang nakikisangkot, itala ang pakikibaka nitó sa punto-de-bista ng mulát at nagkamalay na manunulat/intelektuwal na nakapaloob sa kasidhian at katumpakan ng simulan at ubod ng pagpapahalagang Filipinong makabayán sa kaniyang P/pananagisag. Ang pangulong-tudling na may titulong “Panagisag” sa magasing *Sagisag* mula 1975–1979 ay lumalagpas sa hangganan ng payak na paninimbolo/pananagisag na lámang, nang pakikipagnegosasyon (dahil hindí tahasang oposisyonal na maituturing kundi pailalim na komplikadong simbolikong pakikibaka) bílang “paninimbang” sa panahong nanalasa ang katahimikan at kawalang-imik hábang nagaganap ang karahasan at panunupil ng estado poder ni Marcos sa imposisyon ng mapanikil na reglamento at kautusan para sa radikal at mulát na manunulat/intelektuwal sa panahon ng Batas Militar na nagbalatkayong Bagong Lipunan. Naglunsad si Lumbera ng panibagong paraan, taktika, at estratehiya upang maging epektibong tanglaw ang panulat at oposisyon sa galamay ng kolonyal na hálagáhang nagpapalabo, naglilihís, tumatabon sa lantáy na pagpapahalagang Filipino na pinanatili ng rehimén o awtokratiko-diktaduryal na pamamahala ni Marcos. Ang kontra-gahum ang hindí tahasang malikhaing oposisyonal na proyektong natukoy bílang sirkumbensiýon ni Lumbera at ng mga kaalyadong manunulat sa ilalim ng publikasyong *Sagisag* ay kompleksidad ng antas-antas na patúloy pang paghulagpos mula sa pagkabinbin dulot ng interapsyong historikal—ang panahon ng Batas Militar.

Isang madilim na yugto ito ng kamay na bakal ni Marcos na nagpiit sa makabayán at progresibong manunulat, organikong intelektuwal na manggagawa at magsasaká, pulitiko, estudyante, at masa sa bansa, na nagpahaba din sa listahan ng mga martir o napaslang o nawala na lámang sukat (*desaparecidos*) na mga anak ng bayan, aktibista, manunulat, intelektuwal, at másang mandirigma. Ang panulat at ang tunguhin ng malikhaing pagharaya

ni Lumbera sa imahinatibong yugto ng Batas Militar na may “pailalim at palihim” na proyektong pampolitika at malalim na ideolohikal na salalayang ugnay pa rin sa KPD ay maláy na pagpanig sa interes ng bayang inaapí at inaaglahi ng mga dekreto at kautusang diktraduryal at inhustisyang dulot ng neokolonyal na kaayusan sa bansa.

Bagaman sala-salabid sa kasaysayan ng dekada setenta ang antasan ng problematikong kolonyal at diktraduryal ng impérialismong Estados Unidos at pasistang pamamahala ni Marcos, buong linaw na itinatala ni Lumbera ang mismong danas at panata ng kaniyang Pananagisag, ang mababakas na kalakasan at bumabalong na karunungan (*wisdom*) mula sa kalinangan at realidad ng lahing Filipino. Matutukoy na proseso ito ng tawid-diwa ni Lumbera sa kaniyang Pananagisag bílang manunulat/intelektuwal. Integral dito ang kritikal na pedagohiya sa re/produksyon ng (pagtawid ng) diwàng makabayán. Ang larangan ng tunggalian sa kamalayan at kultura na pagpapalawig pa ng kaisipan/kamalayang tumutugpa sa pagbaka ng kolonyal na hulmahan ng pagkataong bumistay sa diwa ng mga Filipinong sumailalim sa kolonyal na gahum ng institusyon edukasyonal sa bansa na pinagtibay ng Amerikanisasyon sa humigit na kalahating siglo nitóng pamamayagpag; gayundin ng bayang nakabilanggo sa dominansiya ng kamalayang nirarahuyo ng naglilihis na ideolohiya (*false consciousness*) ng Bagong Lipunan.

Mababanggit sa isang sanaysay na pinamagatang “Ideology and Consciousness” ni Alice Guillermo ang gayong operasyon ng mapanlinlang na ideolohiya ng diwàng makabayán na ipinamarali ni Marcos sa kasagsagan ng Batas Militar. Tinukoy ni Guillermo ang ideolohiya ng nasyonalismo sa estado poder ni Marcos. Aniya:

As an ideological element with no distinct class connotation, nationalism is articulated into different discourses, while its class connotation becomes conferred by the articulating hegemonic principle of class interest. Thus, in the Marcos state ideology, the meaning of nationalism was merely cultural, in terms of the national cultural heritage and traditions, in order to boost national pride in keeping with the grandiose official rhetoric of the New Society. **Nationalism in the formulation of Isang Bansá, Isang Diwa was an ideological ploy to cover up gross social inequality and injustice and to unify the people under the dictatorship of a small ruling élite, facilitators**

of US monopoly capital. Such a meaning likewise serves to defuse and neutralize the revolutionary potential of nationalism in its anti-imperialist connotations.

In the national democratic discourse, on the other hand, nationalism connotes anti-imperialism in the broad alliance of the people—the workers, peasants, petty bourgeoisie, and the national bourgeoisie—against the power bloc of US imperialism and its local agents in the big landlord/comprador elites. Likewise, nationalism identifies the national interest with the interest of the majority of Filipinos, the large mass of the population, so that to pursue the national interest—which is economic and political sovereignty, true democracy, freedom, and justice for all is also to pursue the interest of the people as a whole. (Guillermo 191) (akin ang diin)

Malinaw na naipahayag ni Guillermo ang diyalektika ng ideolohiya ng nasyonalismo ni Marcos at ng pambansang demokratikong diskurso ukol dito. Ang tunggaliang ideolohikal ay tunggaliang pangkamalayan (*consciousness*), kung gayon, isang seryosong usapin ng diwa at ng pagtimo nitó sa bayan. Sa tunggaliang ito, mahihinuha natin na may layuning lihisin ng rehimeng Marcos ang diskurso ng nasyonalismo o diwàng makabayani bílang anti-imperialistang artikulasyon ng sambayanan sa pahát na islogan nitóng “Isang Bansya, Isang Diwa.” Hungkag ang islogan ukol sa diwa, at nagiging hungkag na pahayag na lámang ng diktador na pangulo dahil lumilihis ito sa interes ng bayan upang makahulagpos sa saklot ng dáyo, dahil ang rehimeng ito ay nangangayupapa sa interes ng hegemoniyang Estados Unidos (dahil dito rin mismo kumukuha ng basbás at lakan si Marcos para makapaghari lalò na sa usaping pangmilitar).

Malinaw na isang desepsiyon, bukod pa sa pandarahas, ang isinagawa ng rehimeng Marcos. Panlilinlang sa larang ng kultura, kasapakat nitó ang mga grandiosong retorika at estruktura/institusyon ng rehimeng Marcos upang pagtakpan ang laganap na inhustisya at pandarahas sa mga kanayunan kung saan nagpatúloy ang radikal/armadong pakikitalad para sa pambansang kalayaan. Ang radikalisyasyon sa pagtatapos ng dekada sesenta, ang pag-imbulog ng rebolusyong pangkultura, at sa rurok nitó sa bukana ng dekada setenta, ang malikhain ang pagdaluyong ng tunay na diwàng makabayani ng mga kabataang

aktibista, estudyante at guro, manunulat-intelektuwal, másang magsasaká at manggagawa, ng sambayanang dumukal sa aral ng di pa tapós na Himagsikang 1896 ang siyáng pinigilan at tinangkang sugpuin ni Marcos sa imposisyon ng Batas Militar.

Tahasan nitóng inagaw ang tagumpay ng anti-imperialista at rebolusyonaryo/progresibong puwersa na natatanglawan ng simulaing pambansa demokratiko. Batayang láyon ng KPD, na nakapagtatag ng alyansang bayan, ang wakasan ang ideolohikal na pamamayani ng dáyo, ang imperialistang gahum ng Estados Unidos nang sa gayon ay makapamamayani at makahulagpos ang katutubong lakas at dunong, at upang makapaglunsad ng lantáy na demokratikong pamahalaáng pinatatakbo ng Filipino na hindí nakatanikala sa interes ng dayuhang may monopolyong pang-ekonomiko at mapanlansag sa sosyo-politikal at kultural na búhay ng bansa. Ito ang isa sa rebolusyonaryong láyon na dumaluyong upang banggain ang namamayaning lihis na ideolohiya ng Bagong Lipunan. Ang Bagong Lipunan, na mahahantad na lumàng kaayusan pa rin ang namamayani dahil, pinatindi lámang nitó ang neokolonyal na kaayusang pinagtibay ng lokal na pinunòng mahigpit na tumatalima sa maka-Kanlurang interes ng Estados Unidos. Tahasan kung gayon ang kaakibat na ideolohikal na paninikil ng estado poder ni Marcos, ang neokolonyal na kalagayan ng bansang bunsod ng pagpapatuloy at pagpapatindi pa ng epekto ng kolonyal na kasaysayan nitó—ang katambal ng mapanikil at mapanlinlang na rehimeng Marcos, ang kasapakat na imperialismong Estados Unidos na rumagasa sa diwa, sa kamalayan, sa kalinangan, at sa realidad ng lahing Filipino.

Malilinaw ang tahasang pag-agaw ni Marcos sa tagumpay ng radikal/progresibo at rebolusyonaryong kilusan lalò na sa larang ng kultura dahilan upang mapatindi nitó ang mga kontradiksiyon panlipunan. Sa pagdiskurso ni Lumbera, halimbawa, sa kasó ng makabayan at progresibong manunulat na si Ka Amado V. Hernandez nang parangalan ito ng Pambansang Artista noong 1973 kasáma si Jose Garcia Villa na manunulat sa Ingles, kapansin-pansin itong kontradiksiyon sa pahayag ni Lumbera. Aniya:

Na sina Hernandez at Villa ay pinagtambal ay pahiwatig na sa Bagong Lipunan, ang kapangyarihan ng Estado ay gagamítin upang ang mga kontradiksyón sa lipunan ay malutas, maging iyon man ay sa pamamagitan ng negosasyon o sa pamamagitan ng dahas. (Lumbera 112)

Maláy na isiniwalat ni Lumbera ang panlilinlang ng diktadurang Marcos na sinuhayan niya ng pahayag na:

Ang ikalawang anyo ng kontradiksyong pinalitaw ng parangal kay Hernandez sa kultura ng Bagong Lipunan ay sinasalamin ng tahasang pagsalungat ng mga akda ni Hernandez sa mapanlinlang na ideolohiya ng diktadurang itinatag ni Marcos at pagpipi ng diktadura sa alingawngaw ng rebolusyong isinisigaw ng mga popular na tula ng makata. Sa ating paglingon sa mga pangyayari sa larangan ng politika noong hulíng hatí ng Dekada 60, magiging malinaw na ang organisadong paglaban ng Kilusang Pambansa-Demokrasya sa umiiral na sistemang pampolitika, ang pangunahing dahilan kung bakit ipinataw ni Marcos sa lipunang Filipino ang Batas Militar noong 1972. Nang itatag ang Bagong Lipunan, ang propagandang pinakalat upang tanggapin ng mga mamamayan ang Batas Militar ay nakatuón sa pag-agaw ng Estado sa mga sentral na konseptong politikal ng Kilusan kasáma na ang mga terminong pinaging popular ng mga aktibista.

Láyon ng pagpapanggap ng diktadurang Marcos na kilálanin ng mga lider ng Ikatlong Daigdig, na rebolusyunaryo ang itinatayô niyang pamahalaán. At dahil rebolusyunaryo diumano ang gobyerno, mapagaanyong “tila sosyalista” ang tinatahak na landas ng Bagong Lipunan kung may programang pangkultura ito, at ang pinakatampok na palamuti nitó ay ang “Pambansang Artista,” na tila isinunod sa halimbawa ng “People’s Artist” sa Unyon Sobyet. Dito, kinailangan ng Bagong Lipunan ang reputasyon ni Hernandez na isang rebolusyunaryong makata at nobelista, bílang Pambansang Artista. (Lumbera 121-122) (akin ang diin)

Tinapos ni Lumbera ang diskurso sa pamamagitan ng pagbabalik sa kasaysayan ng aktibismo/rebolusyong pinanigan ng makabayang manunulat na si Hernandez at ng hámón sa darating pang mag-aarál at intelektuwal ng progresibong panitikan, sa ganitong pahayag:

Ang pagbubukas ng Dekada '70 ay sumaksi sa papatinding daluyong ng aktibismo sa Kamaynilaan... Ang alingawngaw ng rebolusyong isinisigaw ng hukbo ng kabataan sa mga lansangan ay isinatinig ni Hernandez... Walâng anumang pagkukubli ang pagpanig ni Hernandez sa kilusang sa pagsapit ng 1972 ay tatangkaing sugpuin ng Proklamasyon 1081...

Sa katunayan, inagaw si Hernandez sa kilusang mapagpalaya at sa panahong umiiral pa ang Batas Militar sa bansa, kinulong siyâ sa isang bilangguang kristal upang hindî siyâ pakinabangan bîlang huwarang rebolusyonaryong manlilikha. Sa pagdiriwang natin ng sentenaryo ng kanyang pagsilang, hâmon sa progresibong mag-aarâl ng panitikan na hanguin si Hernandez sa bilangguang iyon at tanggalin ang balabal na ibinalot sa kanya ni Imelda Marcos. Palayaing mulî si Ka Amado! (Lumbera 124-126)

Sa gayong pagtâya ni Lumbera, malilinaw ang usapin sa kontekstong historikal, ang usapin ng '*specific time-continuum*' ng dalumat ukol sa tawid-diwa. Sa imahinatibong yugto ng Batas Militar kung kailan naging bilanggong politikal si Lumbera at pagkalaya ay nagsilbing punòng patnugot ng magasing *Sagisag*, mahalaga ang serye ng pagtâya at pananaw niya ukol sa yugtong ito (usapin ng nakaraan-kasalukuyan at hinaharap). Makikita natin sa liwanag na mulî at mulî ay bubuoin at bubunuin ni Lumbera sa kaniyang kritisimo bîlang intelektuwal/manunulat (sa kaniyang nakaraan-kasalukuyan at hinaharap). Dahil umepekto sa gulugod ng pagkatao ni Lumbera ang terorismo at panggigiyagis ng Batas Militar, bagaman dahil hindî siyâ bumitaw sa kaniyang paninindigan at nanatiling tapat sa KPD, makikita na mahalaga ang ugnayang subhetibo ng indibidwal at organisadong puwersang makabayan upang makapamayani pa rin ang taál na posisyon nitó para sa pambansang kasarinlan at lantây na kalayaan. Sa púntong ito, ang "paninimbang" o "laro/kritikal na akomodasyon" o "sirkumbensiyon," o anuman ang maitawag sa malikhaing yugto ng pakikipagtagisan o kontragahum sa panahon ng kamay na bakal ni Marcos, ay kritikal at masalimuot na akto ng pakikisangkot, pagpanig, o pagtutol. Ang mahalaga ay makahanap ng siwang kung saan makararaan ang liwanag upang sa panahong laganap ang kadiliman, mapatunayang hindî nahihimbing ang manunulat/intelektuwal ng bayan. Bagaman naroroon ang panganib ng kooptasyon at akomodasyon,

nagiging kritikal ang indibidwal upang mapatalas ang kaniyang subjektiviti para makaalagwa sa mga panganib, tulad ng materyal na pangrarahuyo ng dispensasyon ni Marcos. Tandaan nating isinugal ni Lumbera ang lahat (personal na intelektuwal na kaalwanang ekonomiko bilang propesor sa Ateneo) nang siyá ay naging bahagi ng kilusan at nag-underground sa imposisyon ng Batas Militar. Ang kagipitan at matinding pagsubok ng panahong iyon ay ang kawalan ng mapapasukang trabaho o pagkakaroon ng mapagkakakítaan upang mabuhay nang marangal at may paninindigan para mapanatiling buo ang pagkatao matapos ang pagkabilanggo. Naroroon ang katanungang maaaring umukilkil sa budhi at málay: Ipagagamit ko ba ang aking dunong para sa rehimeng ugat ng subjeksyon ng aking lahi? Sa indibidwal na manunulat/intelektuwal, hahanap at hahanap ito ng paraan upang makasinghap kahit papaano ng hangin upang mabuhay. At ito ang nagluwal ng “sirkumbensyonistang pakikitalad” na si Lumbera din ang nakatunghay at nagsilbing isa sa mga tagatanglaw.

Matutunghayan natin na sa sirkumbensyonistang pakikitalad ni Lumbera sa magasing *Sagisag*, ang kaniyang pananagisag ay mababakas nating alegorikal at radikal. Sa kaniyang pangulong-tudling na “Panagisag,” ang kasalukuyan ng kaniyang panulat sa imahinatibong yugto ng Batas Militar ay umuugnay sa kahapon niya bilang progresibong manunulat/intelektuwal at sa kahapon ng bayang may kasaysayan ng ‘di pa tapós na Himagsikan’—siyá na bahagi ng PAKSA, ng KPD na dumukal sa ideolohiyang Marxismo-Leninismo, kaisipang Mao Zedong at ng paglalangkap nitó sa tradisyong makabayan. Namumutiktik ang kaniyang kritisimo sa pítak ng *Sagisag* sa diwàng makabayan, ng kaniyang panatang balikán ang mga muhón/personahe at pagkakataong humulagpos ang bayan sa kolonyal na saklot ng dáyong imperyalistika. Nabanggit niya ang mga susing pangalan: Ka Amado V. Hernandez, Iñigo Ed. Regalado, Claro M. Recto, Renato Constantino, Lope K. Santos, Mao Zedong, at ibá pang progresibong intelektuwal ng bayan at Asya. Nabanggit din niya ang mga kritikal na susing kaisipan sa pag-aaral ng kulturang Filipino para makahulagpos: diwàng makabayan, Filipinisasyon, anti-Amerikano, kolonyalismo, intelektuwal/manunulat, Ikatlong Daigdig. Sa imahinatibong yugto ng Batas Militar, mahihinuhang malusog pa rin ang paghaharaya ni Lumbera, lalò na ang paghaharayang ito ay masusulat sa pambansang wika, ang Filipino, na bahagi pa rin ng kaniyang paninindigang makabayan. Sa imahinatibong yugto ng Batas Militar, hindí nabinbin ang pagsasakdal at patúloy na paghulagpos ni Lumbera, halos kapanabayán ang bayang nakikibaka at ang patúloy ring paghulagpos nitó. Nakatala ito sa

limang taóng singkad ng “Pananagisag” ni Lumbera sa magasing *Sagisag*. Ito rin ang panahong maituturing na nagsulat si Lumbera “para sa atin” na sa pananaw ni Resil Mojares (*writing for ourselves*) ay batayan upang patúloy na sumulong ang kamalayang-bayan. Tradisyon ito ng manunulat/intelektuwal ng bayan sa pagtawid ng diwàng makabayan, sa panahong binubuo at pinatatata tag ang diwàng ito sa ating pambansang kamalayan sa kasaysayan.

Ito rin ang matutukoy na postkolonyal na proyektong naisagawa ng diskurso ni Lumbera. Ang kasalukuyang diskursong mapagpalaya na nakasandig sa kamalayang-bayan na isinulong at mahigpit na nakaugnay sa posisyonalidad ng espesipikong ‘continuum’ sa kasaysayan—ng nakaraan at kasalukuyan at hinaharap ng sambayanang Filipino.

Sa pagsuhay natin, ang diskursong postkolonyal nina Rizal at Bonifacio ay tumuloy sa katauhan ni Bienvenido Lumbera sa kaniyang Pananagisag bílang pagpoposisyon ng alternatibong kamalayan sa panahon ng Batas Militar. Sa yugtong ito ng Batas Militar, kapansin-pansing ang panulat ni Lumbera ay mapapaling sa anti-imperialistang paglalatag at pagtuligsa na siyáng ubod ng postkolonyal na proyektong lalamanin ng Pananagisag. Radikal o progresibo at napapanahon pa rin ang gayong akto ng pag-akdang ito ng bayan ni Lumbera dahil kabahagi ng kilusang-bayang tinatakang ilegal na ayon kay Alice Guillermo ukol sa yugto ng Batas Militar:

Before and during martial law, the opposition to the US-Marcos dictatorship was spearheaded by the progressive forces which went beyond the purely anti-Marcos line to anti-imperialist demands. (Guillermo 213) (*akin ang diin*)

Ang anti-imperialistang pakikibakang ito ng bayan at ng malikhaing pagharaya bílang sabjektiviti ng manunulat/intelektuwal na si Lumbera ay matingkad na bahagi ng proyektong postkolonyal. Tunghayan pa natin ang ilan sa pananaw ni Patajo-Legasto ukol sa diskursong ito. Aniya:

Postcolonial discourses include those ‘imaginative’ or ‘creative’ and theoretical and/or critical (to use traditional dichotomies) writings that seek to establish alternative objects of knowledge in cultural studies...

Postcolonial Discourse is a critique of Western hegemony. More specifically, it is an interrogation of the philosophical and historical assumptions, and formal (read: structural) elements of colonial and imperialist, modern and even some postmodern discourses which were used to legitimize colonialism and which continue to marginalize the cultural productions/knowledges of colonials and former colonials. This project will necessitate historical analyses of our cultural institutions, traditions, and formations.

In being a critique of domination, postcolonial discourse is similar to “Third World” Discourse, e.g. Third World Literature understood as “Resistance Literature” or “revolutionary/fighting literatures. (Patajo-Legasto 8-9)

Mahalaga ang pagpapasidhi ng dalumat ukol sa nasyonalismo o diwàng makabayan, ng proyektong postkolonyal lalò na sa aktibong pagtawid nitó mulang Rebolusyong 1896 túngo sa panahon ng Batas Militar. Sa pagtataupo ng politika at kultura, sa usapin ng estetika at pagpapalaya, magsasanib-puwersa ang diwàng makabayan at progresibong kaisipang Marxista na mahahango sa *Talks at the Yenan Forum* ni Mao (San Juan 176); katulad ng nailatag na paninindigan ng PAKSA na pinamunuan ni Lumbera na eepekto pa rin sa panulat at layunin ng mga akdang malalathala sa magasing *Sagisag* sa matutukoy na programa ng kontra-gahum na may sáray ng mga erya at kategoryang natukoy na aakdain ni Lumbera sa kaniyang “Panaganisag.”

Ang tatlong eryang natukoy: kultura ng paghulagpos, panitikan ng pakikisangkot, at kritikal na pedagohiya na naglalatag ng edukasyong makabayan. Pinunan ng erya ang kategoryang naglalahad ng hámon at tunguhin ukol sa mga hakbangin para sa dekolonisasyong dulot ng misedukasyon, kahalagahan ng wikang pambansa para sa identidad at pagkakaisa, pagtatakda ng kritikal na pamantayan ukol sa panitikang mulát, pagbibigay-pugay o rekognisyón sa proponent ng makabayang simulain, at pagpapahalaga sa pamánang pangkalinangan na may malaking papel ang manunulat/intelektuwal. Dito makikita na ang kritikal na pagharaya ni Lumbera ay ugnayan ng nakaraan—kasalukuyan at kinabukasan. Mananatiling akma ang mga akda sa “Panaganisag,” mulang 1975–1979, sa usaping haharapin ng darating pang mga dekada at panahong tatakdaan ng kinabukasan natin sa pagdaluyong ng globalisasyon. Sa pagragasang ito

ng globalisasyon, mananatiling alternatibo ang nailatag nang mga susing kaisipan ni Lumbera sa larang ng kultural na pakikibaka at pag-aaral.

Masasabing akma pa rin ang bisà sa nibel na ito ng panulat ni Lumbera na kumikilála, umaalála, naglilinaw, at nagwawasto. Mahalaga itong isinagawa ni Lumbera na “pagsulat para sa ating kaakuhan” (*writing for ourselves*) na ipinahayag ni Resil Mojares na batayang salik sa:

...produksyon ng modernong kaisipan ng mga Filipino na nagtakda ng pag-usbong sa kamalayan ng diwàng makabayan. Mga Filipino (ng manunulat/intelektuwal) na kabahagi sa pagbubuo ng nagsa/sariling depinisyon pangkalinangan sa konteksto ng anti-kolonyal na pagbubuo ng bayan (*nation-formation*). (Mojares 471) (akin ang salin)

Kaisa rin nitó ang pagtáya ni Lumbera ukol sa binhi ng Himagsikang 1896 at ng (organikong) intelektuwal at manunulat na aniya ay:

Philippine Literature may be said to have come to age during this period, in that it had become aware of its distinctness as the product of a colonized people struggling against the rule of a foreign country. **The writings of the intelligentsia involved in the Revolution of 1896 trace the emergence of the Filipino people. The self-conscious literature that this emergence brought forth marks the beginning of a truly Filipino Literature.** (Lumbera 16) (akin ang diin)

Kumikilála ito sa ambag ng makabayang simulain, sa mga susunod pang mga katulad na personaheng politikal/kultural sa katauhan nina Recto at Ka Amado. Umaalála ito sa kadakilaan ng mapaghawang landas na tinahak nina Balagtas at Lope K. Santos. Nililinaw nitó ang usapin ng kasaysayang anti-imperialista/anti-kolonyal/anti-Amerikano sa ikasusulong ng interes at ideolohiya ng katutubong may lantáy na pagmamahal sa bayan (Filipinisasyon). Winawasto nitó ang pananaw ukol sa nagbabagong sipat at suri sa nagpupumiglas na kamulatan ukol sa pagsusulong/pagpapagitaw ng pambansang wika/Filipino at ng kulturang katutubo/Filipino. Dahil dito, tumataas ang nibel ng sirkumbensyonistang estratehiyang mapagpalaya,

at nagbibigay ng lalim at lawak ukol sa pananaw hinggil sa pagsasalikop ng pagsulat ng kasaysayang pampanitikan at pag-aninaw sa kasaysayang bayan. Maaaring ipagpalagay na nagbabago lámang ang katawagan, mulang pananaw sa Ikatlong Daigdig patúngong postkolonyal na programang kontra-gahum. Mahalagang bigyang-diin pa rin na ang pananaw na ito ay patúloy na nagkakabisa, ibinabanyuhay ang patúloy na pag-igkas ng pagbibigay-kapangyarihan (*empowerment*), patúloy na iginigiit ang espasyong nása laylayan/gilid o mga mardyinalisadong tinig (*decentering*) túngo sa pagtatambad ng sentro kung saan relatibo lámang ang lakas at paghahari (gahum) dahil hindí monolítiko at mabuway ang pundasyong sungyaw o dáyo. Sa kabuoan, dahil tuloy pa rin naman ang pakikibaka para sa kasarinlan at kalayaan, mulí't mulíng aalingawngaw ang ilan sa mga susing akdang naisulat ni Lumbera sa magasing *Sagisag*. Patunay nitó ang pagsulpot ng ilang akdang Pananagisag sa aklat na *Abot-Tanaw: Sulyap at Suri sa Nagbabagong Kultura at Lipunan* nang taóng 1987, at ang kaangkupang maaninaw mulí itong Pananagisag sa katipunang *Bayan at Lipunan: Ang Kritisimo ni Bienvenido Lumbera* taóng 2005, gayundin sa *Pag-akda ng Bansá* na mulíng maghaharaya sa “dugô, páwis, at luha ng dekada (setenta)” na nilikha ng Batas Militar, ang politika at panulat na magsasalikop sa sinasabi ni Lumberang (48-50) “pagkakamalay at pamumulaklak” ng mga manunulat at intelektuwal ng bansa.

Isang daigdig ng pakikipagtunggali ang binubuksan ng manunulat/intelektuwal na si Lumbera. Sa pananaw niyang sirkumbensiyonista, binibigyan nitó ng siwang ang usaping pinakitid/isinara ng Batas Militar. Sa mga siwang/guwang na ito magaganap ang mabulas na pagbalikwas na anti-kolonyal/anti-imperialista. Sa pagkakataong ito, itatayâ at ipakikipagsapalaran ni Lumbera ang kaniyang pagkamalikhain, dunong, at lakas; sa púntong ito, magpapatuloy ang pagtawid ng diwàng makabayán o tawid-diwa ni Lumbera, bubulas ang láwas ng kaniyang panulat sa Pananagisag, ang kaniyang pagkatao at paninindigan na mahigpit na nakaugnay sa pagsuhay sa kamalayang-bayan bílang diyalektikal na pagkatha sa identidad/kaakuhan ng lahing Filipino sa paghulagpos nitó hábang isinasagawa ang patúloy pang pakikipagtaganan at pagbubunyag/pagsisiwalat sa mga kontradiksyón sa kasaysayang bayan sa imahinatibong yugto ng Batas Militar.

Kung kayâ sa kabuoan, ang paghulagpos ng manunulat/intelektuwal na si Lumbera ay paálala sa atin, sa ginintuang aral ng batayang katanungang mapagmulat: Para kanino natin iaalay ang lahat nating lakas, karunungan, at

panahon? Para kanino ang tawid-diwa? Para kanino ang ating paghulagpos at pakikisangkot na átas ng diwàng makabayani sa kasaysayan lalò na sa mga namulat at mamumulat pang mapagpalayang intelektuwal/manunulat ng bayan ng nakaraan, ng ating mapagsisiyang kasalukuyan at kinabukasan. May mabalikian tàyong bakás na tiyak nating mapaghahanguan ng malikhaing karanasan ng pag-akda ng bayan, talâ ito ng progresibong proseso ng paghulagpos sa loob ng kilusang-bayan para sa transpormasyong panlipunan, sa matalisik na pagbabahagi at pag-aninaw ng kamalayan ni Lumbera:

To intellectuals (and writers) shaken by the impact of a nationalist movement no longer content with “discussion” and insisting instead on “involvement,” a re-examination of the totality of Philippine culture became imperative. “Involvement” proved to be traumatic. Having been made aware that they were “mis-educated” by a system of education tailored according to the requirements of U.S. colonialism, the intelligentsia faced two alternatives. First they could dust off and scrutinize the values they had thought and lived by, and salvage what they could to be able to assert the validity of the status quo. And second, they could admit that those values had been a sham and lend their efforts towards social change. Either alternative necessitated a **re-examination of consciousness**. The consequent fear of identity loss drove writers and critics into what the popular shibboleth summed up as a “search for the Filipino identity.”

The question “For whom?” seemed to have shattered forever the cherished myths about artist and his supposed autonomy. At present, the response to the question among the intelligentsia is joined to nationalism in various ways—“decolonization,” “Filipinization,” “liberation,” or “national development”—but the attempt is always to relate any given literary work to a vast audience, the Filipino masses. (Lumbera 58-59) (akin ang diin)

Isang prosesong pampanitikan at kasaysayan ito ng pagbubunyag/pagsisiwalat, pagkamulat, at pagbalikwas na kasáma ang kapuwa manunulat sa PAKSA na pinamunuan ni Lumbara noong dekada setenta, at ng nagsanib puwersang makabayan na magsusulat ng kasaysayan ng EDSA I, EDSA II at ng darating pang makapangyarihang pagbabangon ng másang sambayanan. Muli't mulí, maibabalik sa pusò ng sambayanan ang panatang lumaya at humulagpos. Magbibigay ito ng bisà at kapangyarihan sa manunulat/intelektuwal na baguhin ang búkas na kabahagi ng kilusang masa para sa makabuluhang pagbabago at pagtatamo ng lantáy na kasaninlan at kalayaan. Ito ang diwa ng tawid-diwa na nakatalâ sa ating masigasig na kamalayang-bayan na mananatiling malakas ang bigwas ng pag-asam at pagasa dahil tuloy-tuloy pa rin sa pagtugpa at pagtawid ng diwâng makabayan/mapagpalaya sa paghulagpos nitó at pagbabanyuhay na kaisa ang talaksan ng mulát at aktibong manunulat/intelektuwal sa bansa.

## Mga Sanggunian

- Alcantara, Ruby, Monico Atienza, Laura Samson, at Nilo Ocampo, mga patnugot. *Patricia Melendrez-Cruz: Filipinong Pananaw sa Wika, Panitikan at Kultura*. University of the Philippines Press, 1994.
- Cayanes, Dexter B. "Ang Paghulagpos ng Dula at mga Dula ng Paghulagpos sa UP Los Banos (1970-2000): Isang Historikal na Paglalahad." Tesis sa MA, Unibersidad ng Pilipinas, 2005.
- Guillermo, Alice. *The Covert Presence and Other Essays on Politics and Culture*. Kalikasan Press, 1989.
- Guillermo, Alice at Charlie Veric. *Suri at Sipat: Araling Ka Amado*. Amado V. Hernandez Resource Center at National Commission on Culture and the Arts, 2004.
- Llanes, Ferdinand, Jaime Veneracion et al., mga patnugot. *Kasaysayang Bayan: Sampung Aralin sa Kasaysayang Pilipino*. National Historical Institute at ADHIKA ng Pilipinas, Inc., 2001.
- Lumbera, Bienvenido. *Panayam ni Dexter B. Cayanes*. University of the Philippines, Faculty Center, 2010.
- \_\_\_\_\_. *Writing the Nation/Pag-akda ng Bansa*. University of the Philippines Press, 2000.
- \_\_\_\_\_. Sa Sangandaan ng mga Kontradiksyon: Si A.V. Hernandez Bilang Pambansang Artista sa *Suri at Sipat: Araling Ka Amado*. Alice

- Guillermo at Charlie Veric (mga patnugot). Amado V. Hernandez Resource Center at National Commission on Culture and the Arts, 2004.
- \_\_\_\_\_. *Terror and Culture Under Marcos' New Society*. Naakses sa <http://lumbera.ph/?p=30>.
- \_\_\_\_\_. *Revaluation 1997: Essays on Philippine Literature, Cinema and Popular Culture*. University of Santo Tomas Publishing House, 1997.
- \_\_\_\_\_. *Abot-Tanaw: Sulyap at Suri sa Nagbabagong Kultura at Lipunan*. Linangan ng Kamalayang Pambansa, 1987.
- \_\_\_\_\_. patnugot. "Panaganisag." *Sagisag*. Research and Analysis Center, Ministry of Public Information, Papyrus Press, Inc, 1975–1979.
- Mojares, Resil. *Brains of the Nation: Pedro Paterno, T. H. Pardo de Tavera, Isabelo delos Reyes and the Production of Modern Knowledge*. Ateneo de Manila University Press, 2006.
- Nuncio, Rhoderick. "Kritikang MakaLumbera: Tungo sa Kritikang Filipino at MakaFilipino." *Kritikasatababi: Kritika ng Kritika ng Kritika nang Kritikang si Lumbera*, 1 Oktubre 2008. Naakses sa <https://kritikasatababi.wordpress.com/2008/10/01/kritika-ng-kritika-ng-kritika-nang-kritikang-si-lumbera/>.
- Ordoñez, Elmer. *Emergent Literature: Essays on Philippine Writing*. University of the Philippines Press, 2001.
- Patajo-Legasto, Priscelina, ed. *Filipiniana Reader: A Companion Anthology of Filipiniana On-line*. University of the Philippines Open University, 1998.
- San Juan Jr., Epifanio. *Toward a People's Literature: Essays in the Dialectics of Praxis and Contradiction in Philippine Writing*. University of the Philippines Press, 2005.
- Smith, Desmond. *Democracy and the Philippine Media, 1983-1993*. Edwin Mellen Press, 2000.
- Tolentino, Delfin. "Ang Estetikang Mapagpalaya sa Ikatlong Daigdig," *Kultura: A Quarterly Forum for Artist, Critic and Audience*, Vol. 3 No. 4. Sentrong Pangkultura ng Pilipinas, 1990.
- Valdez, Maria Stella. *Mga Taon ng Himagsikan: Mga Impresyon, Perspektibo at Tungkulin*. De La Salle University Press, 1999.

# Ilang Kaisipang Lumbera sa Sansiglo ng Brodkasting sa Filipinas

Louie Jon A. Sánchez

Noong Setyembre 28, 2021, nilisan ni Bienvenido Lumbera ang magulong mundo upang ganap nang mapabilang sa panteon ng mga kahanay na dakila. Hindi na pagtatalunan pa ang kadakilaan. Nilalagom ng kaniyang pagkakahirang na Pambansang Alagad ng Sining sa Panitikan noong 2006 ang matipunong lawas ng panulaan at dulaan, pati na rin ang napakalawak na iskolarsyip sa panitikan at iba't ibang aspekto ng kulturang Filipino. Sa kaniyang mga akda, matatagpuan kapwa ang pagging tubog sa katutubong tradisyon at malalim na pagkabatid sa harayang popular. Halimbawa, hindi matatawaran ang sigasig niya sa pagsiyasat, hindi lámang sa mga akdang pampanitikang supling ng kani-kanilang panahon, kundi pati na rin sa mga pag-aakdang kultural na produkto ng mga midyum ng talastasang pangmadla, pangunahin na ang pelikula. Inilunsad man ng formalismo ang kaniyang panunuri sa napakahalagang aklat na *Tagalog Poetry, 1570-1898: Tradition and Influences in its Development* (1986), batay sa kaniyang disertasyon sa Indiana University noong 1966, pinatatag naman ng politika't pakikisangkot ang mga sumunod niyang interbensiyon. Nagrurok ito sa pagbalig niya sa estetikang pampanitikan nang simulang usisain ang dalumat ng datíng (Lumbera 1997a, 113-130). Dito na niya sinabing "ang konsepto ng estetika na aking pinanghahawakan ay naglagay sa audience sa sentro ng talakayan, sa halip na sa likhang-sining" (ibid, 116). Radikal na pihit ito, sapagkat kung tutuusin, hindi makahula-hulagpos ang akademya at edukasyon sa talab ng akda-sentriko, mapagbukod sa konteksto, at tumatalikod sa pagtanggap ng New American Criticism.

Kayâ marahil, hindi rin nakaligtas sa “tingin” o “pagsusuring” Lumbera ang telebisyon. Bagaman dalawang sanaysay lámang na pumapaksa dito ang sa tingin ko'y matatagpuan sa paghalughog sa kaniyang mga lathala: ang “Ang Tadhana at ang Pagsusumikap ni John [Puruntong ng sitcom na *John en Marsha* (RPN 9)]” at “Telebisyon Pilipino: Kailangan Ba Ito?” Maiikling sanaysay ito na mula sa aklat na *Abot-Tanaw: Sulyap at Suri sa Nagbabagong Kultura at Lipunan*, inilimbag noong 1987 ng Linangan ng Kamalayang Makabansa o mas kilalang Center for Nationalist Education ni Renato Constantino Jr. Sa pangkabuuan, tumbok ng aklat ang maituturing na pangunahing kritikal na proyekto ni Lumbera: ang akdaing pa-muli ang bansa, sa pamamagitan ng deskolonisasyon ng proberbiyal at malaganap na napaaliping kaisipan. Ang kaisipang ito, wika nga ni Constantino sa kaniyang pauna sa aklat, ay may “napakalaking pagtitiwala sa mga huwaran, ideya, at saloobing Kanluranin” (Lumbera 1987, wp). Kabílang ang dalawang sanaysay sa pinakamaikling seksiyong may pamagat na “Iba Pang Midya,” kung saan nagsuri din si Lumbera ng valentine card, komiks, at komunikasyon, mga sariling pagtugon sa nauuso noong pagbaling sa papausbong na larang ng kulturang popular noong dekada ‘70. Ang naunang tatlong bahagi (“Edukasyon at Lipunan,” “Panitikan,” at “Pelikula”) ay higit na naglaman ng mas maraming pagsusuri sa mga paksang sinasaklaw ng mga pamagat.

Masasabing parang saglit nga lámang ang pagsipat sa telebisyon ni Lumbera kung pagbabatayan ang aking hawak na bílang ngayon. Manipis kung ikokompara sa kapal ng kaniyang diskurso sa panitikan, pelikula, at kahit hinggil sa mga isyung panlipunan na madalas niyang sangkutan. Pero para sa akin, napakahalagang sipat ang mga ito na kailangang pagtuunan ng pansiñ, lalo't para sa mithing bumuo ng isang mapanuri't mapagpahalagang pananaw hinggil sa midyum ng telebisyon, matapos ng halos pitong dekadang pag-iral nito sa bansa; at sa nagsesentenaryong brodkasting sa pangkabuuan. Ang ibig kong sabihin sa *mapanuri't mapagpahalagang pananaw* ay isang tingging nakamihasnan mang tumatanaw sa Kanluran dulot ng kalikasang teknolohiko at angkat ng telebisyon ay nakabaling din sa kung papaanong ipinopook ng lokal ang danas ng panonood—pagtanggap, diseminasyon, at pinaglulunsad ng pagkilos, sa pang-indibidwal o kolektibong antas. Mahalaga ito sa pagkakaroon, kapwa ng higit na mataas na nibel ng media literasi at pagtatatag [pagpapatatag din sapagkat kahit papaano ay mayroon na naman] ng isang masigla at kritikal na pagdulog sa telebisyon. Kay Lumbera, nakaugat ang pananaw na maaaninaw sa isa pang pagkakataon ng paglalatag niya ng

mga pangunahing prinsipyo hinggil sa kulturang popular, na kinabibilangan ng telebisyon. Sa sanaysay na “Popular Culture as Politics” (1979), igigiit niya na bagaman madalas na kinakasangkapan ang kulturang popular sa pagpapalaganap ng ideolohiya ng pagpapahinuhod [gaya ng madalas na ginagawa gámit ang mga angkat na midyum, e.g., imprenta, pelikula, radyo, telebisyon], katatagpuan din ito ng ahensiya o kapangyarihan ng mga pinag-uukulan at “ginagaping” tagatanggap o audience (Lumbera 1997b). Wika pa ni Lumbera: “Popular culture is power, and whoever wields it to manipulate minds is likely to find its literary and technological machinery turned against him when the minds it has manipulated discover its potency as a political weapon” (ibid, 160). Nakatitiyak siya rito. Sa kasaysayan, napatunayan ito ng mapanulisang pagkasangkapan ni Marcelo Del Pilar sa *Pasyon* at mga dasal; ng alegorikong dulaan nina Aurelio Tolentino at Juan Abad na nagtatanghal ng anti-Americanong sentimiyento; at ng panggagaya at kalaunan, pag-angkop sa mga konseptong Americano at Hollywood sa komiks, radyo, at pelikula (ibid, 157-159).

## Ang Dalawang Sanaysay

Isang espesipikong pagtutok, pagtitig sa teksto ang tinutupad ni Lumbera sa “Ang Tadhana at Pagsusumikap ni John.” Pagtitig ito sa bantog na pagbubunganga at punchline ni Doña Delilah viuda de Jones (Dely Atay-atayan), biyenan ng bidang si John Puruntong (Dolphy). Ang wika ng matanda: “Kayâ ikaw, John, magsumikap ka!” Minahal at sinubaybayan ng mamamayan mulang 1973 ang mapagmahal at masiyahing padre de pamilya na si John, at naging sagisag siya ng mga amang Filipino na nagsisikap umahon at manatiling nakalutang sa laganap na kahirapan. Hindi gaanong ibinungad ni Lumbera ang konteksto ng pagbubunganga ni Doña Delilah, na bagaman mapag-aruga sa anak na si Marsha (Nida Blanca) at mga apo, ay madalas na nakakasagutan, nakakatuksuhan ni John na mahilig mamilosopo. Nananalaytay sa ugat ng mapera’t maraming ari-ariang si Doña Delilah ang pagging matapobre, at kahit dakilang alalay na si Matutina (Evelyn Bontogon-Guerrero) ay mapaghambog din sa sariling mga paupahang apartment. Si John ay púsong sa dalawang nibel: maparaan siyang binubuhay ang pamilyang itinira sa barong-barong na gawa sa kahoy gayong laki sa layaw ang asawa; at cariño brutal niya sa monster-in-law ang palagi itong asarin o biruin, hanggang sa tuluyan na ngang lumabas sa eksena habang nagsisisigaw ng isa pang bukambilig na “Hudas, Barabas,

Hestas!" Nasasalag niya ang pag-aaglahi ng lipunan at biyenan sa kaniya, kahit pa maalingawngaw ang paalaala ng butihing biyenan: *Kayâ ikaw, John, magsumikap ka!* Siste na lámang ni John ang kaniyang pinanghahawakan upang maalpasan, malagpasan ang mapagtakdang búhay-mahirap.

"(S)eryoso ang mensahe ng (punchline) para sa lahat ng nagmimithi ng pag-unlad," sulat pa ni Lumbera (Lumbera 1987, 178). Aniya, "Magsumikap ka" ang sagot sa ekspresyon "Bahala na." Ang "Bahala na ay palatandaan ng pagpapatianod ng tao sa daloy ng mga pangyayari" (*ibid*). Pagpapalawig pa: "Salungat ang linya ni Dely (Atay-atayan) sa paniniwala na ang nagpapasya sa takbo ng buhay ay ang tadhana o kapalaran. Nasa pagsisikap nga naman ng isang indibidwal ang kaniyang ikauunlad" (*ibid*). Mula sa antas nitong pilosopikal, sakâ naman ibinababa ni Lumbera sa lupa ang diskusyon. Ipinababatid niyang madali itong sabihin. Totoo, "(s)a isang di-maunlad na bansa, sa ikalawang hati ng ika-20 dantaon, siglo ng bomba atomiko at ng pagtapak ng tao sa buwan, dapat nang mapawi ang paniniwala na walang kontrol ang tao sa mga pangyayaring dumarating sa kaniyang buhay" (*ibid*). Subalit kailangang isaalang-alang ang materyal na realidad na pinagsasaluhan nina John at kaniyang manonood. Ano nga ba ang umiiral? Malinaw pa sa síkat ng araw: "Sa mga bansa ng Ikatlong Daigdig (tulad ng Filipinas), hati ang lipunan sa dalawang bahagi. Bunga ng kolonyalistang pagsasamantala ng malalaking bansang naghari sa mga ito, ang nakararaming mamamayan ay nakakadena pa sa pagsasaka at patuloy pa ring binibiktima ng kamangmangan. Ang maliit na hati ay kinabibilangan ng mga taong edukado at nakaririwasa't kayâ sa kanilang hanay nang gagaling ang mga pinunong humahawak ng kapangyarihan sa bansa" (*ibid*, 178-179). Ang maliit na hati na ito, na masagisag na kinabibilangan ni Doña Delilah, ang "madalas magreklemo sa mabagal na pag-usad ng nakararami tungo sa pag-unlad" (*ibid*, 179). Kayâ marahil malakas ang loob ng matanda na magbitiw ng salita. Samantala, ang paalaala naman ni Lumbera: "Kasama na sila (maliit na hati ng lipunan) sa dapat paalalahanan na ang pag-unlad ng mga mamamayan ay di na isasakatuparan ng matiyagang pagpapasya lamang, kailangan lalo't higit ang pagbubukas sa nakararami ng mga pagkakataon na sa kasalukuyang kaayusan ng lipuna'y sila ang tanging makapagbibigay" (*ibid*). Nagbabalik-usig ang mga kuyom na daliri sa nanduduro; umaalingawngaw pabalik ang binitiwang paratang ng kawalang-pagsisikap. At totoo naman: "Ang pagsisikap ni John ay magaganap lámang kapag nakikita na niyang nagbubunga ng biyaya para sa kaniyang sarili at sa kaniyang mga minamahal ang pag-uubos-lakas" (*ibid* 178). Ngunit posible ba ito?

Nauwi ang paghimay sa punchline ni Doña Delilah sa masusing pagsiyasat sa kawalang-kaunlaran ng bansa. Sabi nga ni Lumbera: “Pangunahing suliranin ng Ikatlong Daigdig ang ekonomiyang pinaghaharian ng mga dayuhang kompanya, na nagluluwas ng malaking tubo sa mga bansang kanilang pinagmulan dahil mula lamang ang ibinabayad nila sa pagpapagod ng mga manggagawa at magsasaka” (*ibid*, 179). Dagdag pa: “Mapapansin na sa mga bansang di-maunlad, ang pinakamabisang panlunas sa sakit ng ekonomya ay ang nasyonalisasyon, ang pagkuha ng pamahalaan sa mga istratehikong industriya na dati'y hawak ng mga dayuhan” (*ibid*). Sa pangkabuuhan, solusyon iminumungkah ni Lumbera ang pagpapanibagong-loob mismo ng pamahalaan hinggil sa sitwasyon: “Ang alinmang pamahalaang naglalayong ihatid ang bansa sa mithing kaunlaran ay may tungkuling bigyan ng higit na timbang ang pagsusulong sa kabuhayan ng nakararaming nakasadlak sa paghihikahos” (*ibid*). “Mararating lamang ng bansa ang tunay na kaunlaran kapag sama-sama, kundi man sabay-sabay, na sumusulong ang kabuhayan ng lahat ng mamamayan” (*ibid*). Napetsahang 1975 ang sanaysay na ito, bagay na mapagpapakuan ng konteksto ng binitiwang kataga: tatlong taon nang napapailim ang bansa sa Batas Militar ni Marcos, at limitado ang karapatan sa pamamahayag. Nalathala din ang sanaysay, gayundin ang susunod kong tatalakayin, sa “publikasyong alaga” ng Department of Public Information (*ibid*, 2), ang *Sagisag*. Sa kabilanito, matagumpay na nakapaglagos dito ng “dalisyang liwanag na maitatanglaw sa mga paksang ipinaubayang talakayin ng mapaniil na rehimeng” (*ibid*). Sa makro o pangmalakihang pananaw, naitanghal ni Lumbera ang kairalang tagibang at inhustisya na ethos ng Cold War. Ngunit matalino niyang ipinahihiwatig ang nangyayari sa nibel na mikro o pambansa, kung saan tinipon sa sariling kamay ng diktador at mga kroni ang kapangyarihan at yaman. Walang nagbabago sa Bagong Lipunan, taliwas sa mga pangako nito.

Maanghang ang kaniyang pag-usig: “Kung noong una, “tadhana” ang ipinangalan sa mga puwersang humuhubog sa buhay ng tao sa paraang hindi maipaliwanag, sa ating panahon ay matandang katawagan ito sa mga bagong puwersang tila hindi malalabanan pagkat lubhang malakas na’y masalimuot pa” (*ibid*, 179). Aniya, “(a)ng mga puwersang tinutukoy ay ang mga institusyon, batas, kaugalian, atbp., na humahadlang sa lubusang pakikinabang ng nakararami sa kanilang pagpapagal sa bukid o sa pabrika” (*ibid*). Naikutan niya ang paghahangga sa pamumuna sa pamamagitan ng isang pakasaysayang lapit at pag-unawa sa pananaw ng mga Filipino sa kaniyang tadhanang pinatamlay ang “pagsusumikap para sa kaunlaran”

(ibid). Kung sa panahon ng Espanyol ay sinakop ang katatagan ng mga indio sa pagpapaniwala ng sila ay tamad, sa panahon naman ng pagsulat, pakikibaka ni Lumbera, may palad ang maraming Filipino na manatili sa kanilang kinalalagyan sa lipunan, habang nagpapasasa sa yaman at poder ang ilan. “Kapag nakagawa na ng paraan ang pamahalaan upang maganap ang paglaya ng mga mamamayan sa makabagong “tadhana,” magkakaroon na ng kabuluhan ang payong “Magsumikap ka!” Kailangan likhain muna sa loob ng lipunan ang mga kondisyong magpapasigla sa pagnanasang magsumikap para sa kaunlaran” (ibid). Isang dekada matapos ng paglalathala ng sanaysay, hindi nabuwag ang “tadhanang’ hadlang sa kanilang pag-unlad” (ibid 180). Gaya ng alam na natin, subalit parang kinaliligtaan, bumagsak nga ang rehimeng mapayapang pagkilos sa EDSA noong 1986. Nagpatúloy ang pagbubunganga ni Doña Delilah kay John hanggang 1990, ang pagbigkas ng “Kayâ ikaw, John, magsumikap ka!” kayâ’t naging pamilyar pa ang ulinig nito sa mga tulad kong nagkamuwang at naging supling ng telebisyon noong mga panahong iyon. Subalit nananatiling totoo ang mga iniwang kislap-diwa ni Lumbera sa lagay ng lipunan, kahit ito’y lumaya mula sa diktadura: “(M)araming kababayan natin ang walang mapapasukang katulad ni John pagkat hindi sila nakapagtapos ng grade school o high school. Para sa kaniya, ang payo ni Dely (Atay-atayan) ay hindi angkop, pagkat talaga namang nagsusumikap sila sa pag-aararo at pagtatanim o sa pamamasukan sa pabrika at pagpapatulo ng pawis.” Nakatanikala pa rin ang madla sa kanilang tadhanang mapagpanatili sa laylayan, naghihintay ng kaligtasan.

Isa namang pagsusuri, kapwa sa katatapos noong pagpaparangal ng Pembansang Akademya ng Telebisyon sa Agham at Sining (PATAS) noong 1976 at sa “kabaugan ng industriya ng telebisyon sa Pilipinas” (ibid, 182) ang “Telebisyon Pilipino: Kailangan Ba Ito?” Iniuulat ni Lumbera na sinundan ng alingasngas ang pagpaparangal dahil marahil sa mga kontrobersiyal na ipinanalo. Subalit higit na napapanahon at fundamental sa kaniya ang pagtugon sa tanong na inihain ng kaniyang sanaysay. Muli, pakasaysayan ang kaniyang tingin sa bagay na ito. Ipinagunita niya’t iginiit ang pagging pamanang Americano ng telebisyon, na para sa isang bansang “datihan nang mamimili ng mga produktong Amerikano ay madaling nabuksan para sa mga makinarya at kagamitang pangangailangan ng mga programa” (ibid, 181). Dagdag pa niya: “At di kasi sa dahilang wala pang teknolohiya ang mga Pilipino upang gumawa ng sarili nilang mga programa, kasabay ng mga makinarya at kagamitang dumating dito ang mga programang ginawa sa Amerika para rin sa mga Amerikano. At di kasi rin, lalong lumawak ang

publikong maaabot ng mga komersiyanteng nagbibili ng mga produktong Amerikano sa Pilipinas” (*ibid*). Dito, binibigyang-diin ni Lumbera ang kalikasang komersiyal ng telebisyon, na likha ng kolonialismo. Sa politikal-ekonomikong pananaw, wari bang kalabisan ang telebisyon noon sapagkat “lumilitaw na... hindi isang kapakipakinabang na industriya” (*ibid*). Bukod sa “labis at labis ang bilang ng mga istasyon” kahit nabawasan pa nang ideklara ang Martial Law, “sinasabi pa nga na sa 14 na oras ng pagteteleka, dalawa lamang (7:00-9:00 n.g.) ang pinagtutubuan ng mga istasyon” (*ibid*). Isa pa, dahop na nga sa kitang makapagtataguyod ay dahop din sa nilalaman ang telebisyon noon. Madaling mapapansin ang “dami ng mga palabas na galing sa labas ng bansa, sa (Estados Unidos) sa partikular” (*ibid*). Naging “tapunán” ang bansa ng mga “lumang pelikula, dramang de-serye (na) ang karamihan...ay abentura ng isang detective o private agent” (*ibid*). Dagdag pa, “(k)ung hindi man bakkakan o barilan ang nilalaman, sayawan at awitan ang idinudulot sa mga panonood” (*ibid*).

Kung gayon, parang nakababagot na panooran ang inilalarawan ni Lumbera. Bagay itong hindi kataka-taka sa isang kontekstong sinupil at halos walang kompetisyon ang industriya. Napasakamay ng ilang kroni ng rehimeng halos kabuuhan nito at nagamit sa propaganda ng gobyerno. Baog ang midyum sapagkat hungkag din ang mga mithiin. Ngunit bílang isang kritikong may lunggati para sa kultura, nakita ni Lumbera na kailangang balikatin ang pagsagot sa inihaiang tanong. Naniniwala siya na kailangan ng “wastong oryentasyon” (*ibid*, 182) sa pagpapalaganap ng mga palabas na may panlipunan at pambansang pakinabang. Kailangan din, aniya, na maakay ang mga namumuhunan “tungo sa makalipunang konsensiya” (*ibid*). Subalit may kabatiran siya sa hanggahan ng pag-aasam sa mga ideyal na mithi. Wika nga niya: “(s)ubalit paano nga ba nabibigyan ng konsensiya ang mga mamumuhunang kaya pumasok sa industriya ng telebisyon ay upang magkamal ng tubo?” (*ibid*). Isang malusog na pananaw ito, sa ganang akin, na nakaiintindi sa kalikasan ng industriya. Bagay itong dapat na taglay ng sinumang tumitingin sa diskursong telebiswal. Nakabukas ang kaniyang mga mata sa mga kontradiksiyong umiiral sa telebisyon. Inuuusig niya ito’t pinadadaan sa talim ng pagsusuri, habang humahanap pa rin ng paraan para maikutan ang mga sagwil ng imperatibong ekonomiko. Masdan itong kaniyang sinabi: “Kung ang konsensiya ay hindi maitatanim sa mga mangangalakal, marahil ay maantig sa patuloy na pagsisikap ang damdaming makabayang mga taong lumilikha ng mga programa o may malasakit sa kapakanan sa sangay na ito ng mass media” (*ibid*, 183). Sa pananaw ni

Lumbera, komplikado na noon pa man ang sistema ng produksyon, at maaari itong tamnan ng radikal, kundi man, makabuluhang potensiyal. Malamang na hindi ito matagpuan sa mga nagmamay-ari. Subalit may matutunghan pa: ang mga kawani ng produksyon, lalo kung mulat sila sa mula't mula. Natural, siyempre, may mga hanggahan din silang kailangang isaalang-alang. Sa pangmalawakan, natutuhog din ang usapin ng etika sa produksyon, sa kabilang hindi maiwasang pagpapalamon sa sistema ng industriyang pinatatakbo ng kapital.

Interesanteng magsapantaha kung ano-anong palabas ba para kay Lumbera ang kapaki-pakinabang sa mamamayan. Hindi niya ito tuwirang binabanggit; bagaman sa isang bahagi ng sanaysay, kaniyang sinipi ang ilan sa mga mithiing pambrodkast ng noon ay itinindig ng rehimen na Broadcast Media Council (BMC): “mga pagsisikap tungo sa pagsusulong ng edukasyon, kamalayang-sibiko, agrikultura, at iba pang larangang kinikilusan ng estado... tungo sa katatagan pang-ekonomya at pambansang pagkakaisa.” Sa tingin ko, naniniwala si Lumbera na posible ang mga ganitong uri ng palabas. Ngunit higit ang kaniyang paninindigan na ang produksyon at pagpapakalat ng mga ganito ay projektong nangangailangan ng sama-samang pagsisikap ng mga prodyuser, ng mga institusyon noong mga panahong ito ay “nakabantay” o “nakamatyag” sa telebisyon tulad ng BMC, at ng mamamayang sangkot, lalo na sa media literasi. Maparikala ito, subalit nag-uudyok sa akin ng hinuha na ganitong uri ng seryosong kolaborasyon ang makapagpapataas ng kaledad ng palabas, lalo’t kung sasapit at mangayari sa isang panahon at pamamalakad na higit na may kalayaan ang lahat. Maaari’y talagang nakamalas sa kinabukasan si Lumbera. Kayâ hindi dapat ito maging ningas kogon, kundi orkestado at naipagpapatuloy. Oo, sa isang bandá, ang mga palabas na kapakipakinabang ay “hindi siyang karaniwang pinanonood ng publiko at, di kasi, hindi siyang tatangkilikin ng mga kompanyang nagpapaanunsyo” (*ibid*, 182-183). Alam ni Lumbera ito. Ngunit mangangailangan ng panahon ang pagbabago sa panlasa at kahingian ng manonood. Hindi naman ito maisasakatuparan nang agad-agaran. Kay Lumbera, sa mga institusyon “nakaatang...(lalo na) ang mabigat na tungkuling bigyang matwid ang pananatili ng industriya ng telebisyon sa Pilipinas” (*ibid*, 183). May saysay ang kaniyang pagtatanong ng kailangan ba ang telebisyon noon sapagkat sa nauntol nitong pag-unlad sa panahon ng diktadura, lumitaw ang potensiyal nitong makatulong sa lipunan kahit hindi maiwawaksi ang imperatibong komersiyal. Matapos ng 35 taon ng pagkakamit ng kalayaan, natupad man lámang ba kahit ang ilan sa mga hangaring isinulong ni Lumbera sa artikulo?

## Paglalagom

Sapagkat nasusulat nga ang mga sanaysay na ating tinitigan sa panahon ng panunupil ni Marcos, mabuting isakonteksto rin ang ating paglalagom sa lagay ng telebisyon ngayong nagdiriwang ang brodkasting sa bansa ng sentenaryo. Sa kasawiampalad, isa itong industriya at institusyong batbat ng krisis. Nakamit man nito ang kalayaan at paglusog dulot ng matinding kompetisyon matapos ng EDSA Revolution, para bang mas pinalayaw nito ang tao sa kaaliwan kaysa pagiging maalam. Lubhang napakatalab ng pagpihit ng telebisyon sa tinaguriang “infotainment” noong dekada ‘90 at masidhing kompetisyon (Coronel 1999, 51). Nalulong dito ang manonood, at higit na nangibabaw ang layaw sa pagkapukaw sa kakatwaan o pagkakagitla sa kuwento ng karoniwan. Naisantabi ang pag-uulat ng mas mahahalagang usapin at suliranin panlipunan, lalo sa balitaan.

Inamin itong minsan ni Jing Reyes, news chief ng dambuhalang network na ABS-CBN, naipasara ng pamahalaang Duterte sa gitna ng pandemya dahil sa kawalan ng prangkisa mula sa kongreso. Alam na natin ang kuwentong ito na isang déjà vu ng pagkakapasara dito ni Marcos noong 1972. Wika ni Reyes: “Media fed our audience too much entertainment. We’re guilty of that. This may not be a popular observation to some of my colleagues, I do believe our audience is overentertained, underinformed. And that is the thing we need to change” (Elemia 2020). Sa kasalukuyang panahon ng des-impormasyon at pagpapalaganap ng duda sa lehitimong midya, sa isang bandá; at paninindak ng pamahalaan sa kritikal na pamahayagan, sa isa pa, halimbawa at babala ang ABS-CBN sa naging tagumpay at kalabisan ng telebisyon matapos ng mahigit tatlong dekada ng balik-demokrasya. Halimbawa, sapagkat naging larawan ng pagpupunyagi sa kalayaan sa pamahayagan kahit pa malugi at kuyugin ng mga oportunistang politiko kamakailan; at babala, lalo kung isasaalang-alang ang di-iilang pagkakataon ng politikal na akomodasyon na tinupad nito sa mahabang panahon.<sup>1</sup> Sa tuluyang pagkawala ng ABS-CBN sa free-to-air TV, na nananatiling malaganap na platapormang telebiswal para sa nakararaming Filipino, wari bang nalansag, nadurog ang industriya

<sup>1</sup> Sapagkat isang kompanyang pagmamay-ari ng Pamilya Lopez, tubong-Iloilo at matagal nang impluwensiyal sa politika at negosyo, hindi nito maiwasang sumayaw sa tugtug politika upang maisulong ang interes. Bahagi ang Pamilya ng Lopez ng elite na pangkat sa lipunang madalas taguriang oligarko. Ang kuento ng kanilang pamilya ay inilarawang nagpapatunay ng “close connection between state and power and private wealth in the Philippines” (McCoy 2010, 429). Basahin ang McCoy, Alfred, “Rent-Seeking Families and the Philippine State: A History of the Lopez Family,” sa An Anarchy of Families: State and Family in the Philippines, ed. Alfred McCoy (Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2010), 429-536.

ng telebisyon mismo, hindi makaahon-ahon. Sa kabilang diversification ng network sa paglipat nito sa iba't ibang platapormang digital at pinapagana ng Internet, litaw pa rin halimbawa, ang kakulungan sa mapagkukunan ng impormasyon sa gitna ng pandemya at iba pang sakuna (Malasig 2020). Dati-rati'y madali at masigasig itong natutugunan ng ABS-CBN dahil sa malawak na network at impreastruktura nito sa bansa, at hawak na audience share na 40.99% (Media Ownership Monitor Philippines, nd). Masaya nga ba talaga ang sentenaryo ng brodkasting para sa telebisyong Filipino?

Nais kong isipin na sandali ng pagmumuni ang sentenaryo ng brodkasting sa Filipinas. Anong uri ng telebisyon ang talagang ibig nating itindig mula sa ruinas ng ngitngit ni Duterte at kaniyang mga galamay? Ano-anong uri ng palabas ang ibig nating mapanood, ipapanood sa susunod na henerasyon? Papaano natin ito ibig patakbuhan ng mga may-ari't namumuhunan mula ngayon? Papaano natin ito muling ipopook sa ating búhay at lipunang mabilis magbago, walang katatagan, masalimuot, hindi mawari (volatile, uncertain, complex, ambiguous)? Sa muling pagkakapasara ng ABS-CBN at sa sitwasyon ng kakulangan sa, o/at kabuktutan ng impormasyon na dulot ng ironikong demokratisasyon ng social media, higit na lumitaw ang isang bagay: talaga ngang karapatang pantao ang telebisyon. Kailangan itong itaguyod at pangalagaan, lalo para sa karamihang ito lámang ang inaasahan para maging maláy at mulat [hindi lahat ay may akses sa teknolohiyang digital at Internet]. Ibig sabihin, madali itong malansag at mawala. Mula sa pangunahing katwirang ito, ibig ko namang ilatag bílang mga kisláp-diwa ang mga kaisipang Lumbera sa pagtatasa sa telebisyong Filipino; mga tugon ito sa hámon na panindigan ang midyum. Tatlo ang naiisip ko: una, ang palaging pagsasaalang-alang sa manonood; ikalawa, ang paggigiit sa panlipunang tungkulin ng telebisyon [maging ng kabuuang institusyon ng pangmadlang midya]; at ang paglinang sa kritikal na panonood sa pamamagitan ng masigasig na kritisismo at aralíng telebisyon.

*Bakit kailangang palaging isaalang-alang ang manonood?* Sa tingin ko, ito mismo ang punót dulo ng pag-iral ng midyum, bagaman sa simula, isa itong imbensióng pinakinabangan muna ng lumikha at namuhunan. May dinaratnang audience ang mensahe nito, na kailangang ituring na may sariling bait sa pag-unawa at paggamit sa tinatanggap. Masyado nang napag-iwanan ang pagturing dito bílang minulan ng kamangmangan at pagtatalaga bílang bakya, baduy, basura. Sa halimbawa ng dalawang sanaysay, tinuturol ni Lumbera ang datíng, kapwa ng *John en Marsha* at ng pagtatasa ng pagpoprogramang telebiswal. Nakahuhubog ito ng

kamalayan at pagkamalay na kung magagabayang ng talino at makalipunang mithi ay maaaring makahubog ng mamamayang nag-iisip, nagsusuri. *Bakit kailangang igiit ang panlipunang tungkulin ng telebisyon?* Batid at nauunawaan ni Lumbera ang interes pangnegosyo ng midyum. Tadhana nito ang pangangailangang kumita. Subalit kailangang igiit na mas kailangan nitong pagsilbihan ang interes ng mamamayang siyang “bumubuhay” dito’t pangunahing sanhi ng pag-iral. Isang panunulay sa manipis na lubid, kung gayon, ang maging sangkot sa telebisyon. Nakakabulid. Alin sa dalawa ang prayoridad? Mayroong mga paninindigang kailangang tindigan. Sa pagpili ng papanigan, kailangang malinaw ang pinagsisilbihan [ano o sino nga ba ang pinagsisilbihan ng telebisyon?]. *Sa hulí, bakit kailangan namang luminang ng kritikal na panonood?* Kailangang paghusayin pa ang ahensiya ng mononood, bigyang talim at lalim ang pagtanggap. Susog ito sa mobilidad ng nakararami. Ito ang magbubunsod ng isang telebisyon maytalim, maylalim, kayâ matalino. Dito pumapasok ang pangangailangan sa masigasig na kritisimo at aralíng telebisyon, sa popular o akademikong plataporma. Ang pagpapalawak sa pagsusuri at pag-aaral sa telebisyon ay maaasahang magpapalawak din sa orisonte ng mga inaasahan (horizon of expectations) ng manonood na dadatnan ng mga suri o aralín. Kailangan itong tupdin sa lahat ng antas ng K-12 hanggang sa pamantasan at kolehiyo. Pero bukás naman din ang mga mata ko na maaaring muli, nagsasapantaha lámang ako ng isang ideyal, halos utopikong kairalang maaaring usbungan ng ganitong mga posibilidad. Sa sentenaryo ng brodkasting sa Filipinas, maaari’y sapat na muna ang matutong magtanong at magharaya, tulad ng ginawa ni Lumbera sa dalawang sanaysay na pinaksa, at sa kabuuan ng kaniyang karera. May kailangang pagsimulaan ang pag-asam, ang pangangarap sa impossible. Ito ang kaniyang pamana.

## Mga Akdang Binanggit

Coronel, Sheila, ed. 1999. *From Loren to Marimar: The Philippine Media in the 1990s*. Lungsod Quezon: Philippine Center for Investigative Journalism.

Elemia, Camille. 2020. “ABS-CBN News chief: ‘Our audience is overentertained, underinformed.’” *Rappler.com*, Oktubre 23, 2017. <https://www.rappler.com/nation/abs-cbn-news-ging-reyes-audience-overentertained-underinformed/>.

Lumbera, Bienvenido. 1987. *Abot-Tanaw: Sulyap at Suri sa Nagbabagong*

- Kultura at Lipunan*. Lungsod Quezon: Linangan ng Kamalayang Makabansa.
- . 1997a. DATÍNG: Panimulang Muni sa Estetika ng Panitikang Pilipino. *Unitas: Quarterly Scholarly Journal of the University of Santo Tomas* 70 (4): 111-130. Lungsod Maynila: University of Santo Tomas Publishing House.
- . 1997b. *Revaluation 1997: Essays on Philippine Literature, Cinema, and Popular Culture*. Lungsod Maynila: University of Santo Tomas Publishing House.
- Media Ownership Monitor Philippines. n.d. "Television." Na-akses Pebrero 12, 2022. <https://philippines.mom-rsf.org/en/media/tv/>.
- McCoy, Alfred, ed. 2010. *An Anarchy of Families: State and Family in the Philippines*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press.

# Ang Literaturang Filipino Ayon Kay Lumbera

---

John Iremil Teodoro

Kapag nagtuturo ako ng Philippine Literature, Regional Literature, o Literary History of the Philippines ang binabasa at tinatalakay namin ng mga estudyante ko sa unang linggo ng termino ay ang mga sanaysay ni Bienvenido Lumbera na “Harnessing Regional Literature for National Literature,” “Ang ‘Pambansa’ at ang ‘Pampanitikan’ sa Pambansang Panitikan,” at “Panitikang Panrehiyon, Panitikang Pembansa: Magkabukod at Magkarugtong” na mula sa kaniyang librong *Writing the Nation/Pag-akda ng Bansa* (UP Press, 2000); at ang klasiko niyang lektura na “The Rugged Terrain of Vernacular Literature” na mula sa kaniyang librong *Revaluation: Essays on Philippine Literature, Cinema and Popular Culture* (UST Publishing House, 1997). Ang batayang libro naman na nirequire ko sa mga estudyante ko ay ang dalawang “Lumbera Textbooks”—ang *Philippine Literature: A History and Anthology* (unang inilathala ng National Bookstore noong 1982) na kasama niyang awtor/editor ay ang kabiyak niyang si Cynthia Nograles-Lumbera at ang *Filipinos Writing: Philippine Literature from the Regions* (2001). Ang dalawang antolohiyang ito ay parehong inilathala ng Anvil Publishing.

Sa “Harnessing Regional Literature” maganda ang inilatag ni Lumbera na mga working definition ng mga konseptong “literatures of the Philippines,” “Filipino literature,” at “national literature. Ang tanong niya ay tinutukoy ba ng tatlong konseptong ito ang iisang lawas lamang ng mga akdang pampanitikan?

Ang “Literature of the Philippines” o ang Literatura ng Filipinas ay tumutukoy sa “totality of works found within the territory called the Philippines.” May lubid na nagdudugtong sa mga akda sa territoryong ito:

"It could be that the unity derives from the race of people producing literary works in the Philippines. Another possibility is that a common experience of history binds the works of authors residing in the Philippines. It could also be that the authors recognize a single central government." Kung gayon, ang lahat ng mga akdang nasulat ng mga Filipino sa ating arkipelago ay pasók dito.

Ang "Filipino Literature" o Literaturang Filipino naman ay, aniya, "First of all, the nationality of the authors is 'Filipino.' Secondly, that on the literary works taken together, nationality has left a mark that distinguishes them from the writing of authors found elsewhere in the world." Kasama sa Literaturang Filipino ang akda ng lahat ng Filipino, natural man o naturalized.

Tungkol sa "National Literature" naman o Pambansang Literatura, sabi ni Lumbera ay, "There is the assumption that the works are by authors who are part of the nation and are willing participants in the aspirations of that nation. This assumes that there exists a common concept of nation among the writers. Highlighted in the term 'National Literature' is the political character of literary production." Basta sa imahinasyon (at quoted ni Lumbera si Benedict Anderson hinggil dito) ng manunulat ay bahagi siya ng "Filipino nation," pasók ang kaniyang mga akda dito.

"Literaturang Filipino" ang ginagamit kong pantukoy sa pinaghalingan "Literatura ng Filipinas," "Literaturang Filipino," at "Pambansang Literatura" ni Lumbera. Mas pambansa ang tunog ng "literatura" kaysa "panitikan" na masyadong Tagalog sa pandinig. Ang Filipino na tinutukoy ko ay lahi, nasyonalidad, at citizenship. Samakatwid, ang Literaturang Filipino para sa akin (ibinase ko kay Lumbera) ay ang lahat ng mga akdang pampanitikan sa kahit anong wika na sinulat ng mga Filipino—natural born man o naturalized—sa ating arkipelago at sa iba pang panig ng mundo.

Batid ni Lumbera na hindiganoon kasimple ang mga pagpapakahulungan at pagkaunawa sa tatlong konseptong binanggit niya. Maraming problema ang kaakibat ng pagbibigay-depinisyon sa mga ito sapagkat dumaan tayo sa dalawang kolonisasyon. Binanggit niya ang sistemang edukasyon natin na itinatag ng mga Americano kung kaya't, "The literary works that came into the Philippines via the educational system catered to the aspirations of the ilustrado class." Kayâ kung titingnan daw natin ang ating "regional literature" o literaturang rehiyonal, ang mga nakasulat na akda sa Kastila at Ingles, kahit sinulat ng mga "regional writer" ay parang nagiging "national." Batid niya ang malaking problema sa pagitan ng dikotomiyang "regional" at "national."

Heto ang mga tanong at haka niya: "Who was it who decided that regional literature ought to consist only of works written in the vernacular?

Who was it who relegated ‘regional literature’ as a mere sub-category of ‘national literature?’ The questions are raised not so much to identify individual culprits as to identify the structures that decreed certain literary works by Filipinos as ‘regional’ but others, for reasons that remain unclear, as ‘national.’ As far as we can tell, such a system arose from the same consciousness that set up the educational system, which in turn has been instrumental in spreading the notion that language determines the classification of regional literature.”

Sa sanaysay na ito sinabi niya na kailangang sinupin, pag-aralan, at isalin ang mga “literaturang rehiyon” upang hindi na lamang mga akda sa Tagalog, Kastila, at Ingles ang mailalagay sa kanon ng “pambansang literatura.” Dapat din daw i-interrogate ang idea natin kung ano ang pambansang literatura. At dapat daw magkaroon ng “shake up” hinggil dito upang dumating ang araw na, bagamat naririyan pa rin ang dalawang kategoriyang literaturang rehiyonal at literaturang pambansa, walang paghuhusga o paniniwala na mas angat ang pambansa kaysa rehiyonal.

Sa sanaysay niyang “Ang ‘Pambansa’ at ang ‘Panpanitikan,’” ipinagdiinan ni Lumbera ang halaga ng nasionalismo sa ating literatura at sa lipunan sa kabuoan. Hindi daw dapat isantabi ang nasionalismo sa harap ng globalisasyon. Nagtaray pa nga siya. Aniya, “Wala na halos pag-aatubili ang mga bayarang intelektual ng pamahalaang Ramos sa pagmumungkahing lipas na raw ang panahon ng nasionalismo.” Bahagi ng idea niya ng nasionalismo sa panitikan ay ang pag-aaral ng katutubong estetika.

Ani Lumbera, “Hindi na maipagpapalibtan ang paglilinaw sa katutubong estetika. Naghihintay ang balorisasyon ng mga akda sa mga katutubong wika, na nasantabi sa pagpili ng mga akdang dapat pahalagahan ng mga Filipino dahil lamang hindi nakatutugon ang mga ito sa estetikang ipinamana sa mga iskolar at kritiko ng kolonyal na edukasyon.” Itong kolonyal na edukasyon ang dahilan kung bakit mababa ang tingin natin sa sariling literatura, lalo na sa mga akda natin sa mga rehiyonal at katutubong wika.

Sa sanaysay na “Panitikang Panrehiyon, Panitikang Pambansa,” muling ipinagdiinan ni Lumbera ang pagkaitapsuwera ng mga literatura sa mga rehiyonal na wika sa pagbuo ng kanon ng panitikan ng Filipinas. Tatlong panitikan lamang ang nakakapasok sa kanon na ito. Mga nakasulat sa Tagalog, Ingles, at Kastila. Aniya, “Ang lalong mahalagang tanong para sa okasyon ay kung bakit hindi nakapasok sa ‘kanon’ ang mga awtor na sa wikang rehiyonal nagsulat. Ang naiwang impresyon tuloy sa ilang henerasyon ng mga estudyante ay walang puwang sa ‘kanon’ para sa mga manunulat sa mga rehiyonal na wika.”

Nakita niya na isa sa mga sanhi nito ay ginawang batayan ng wikang pambansang Filipino ang Tagalog. Dahil dito naging pambansa ang mga nakasulat sa Filipino/Tagalog. Ang panukala niya ay “Ibalik sa rehiyon ang panitikang Tagalog” na pamagat ng isa niyang sanaysay. Sabi pa niya, “Sa loob ng panahong ang panitikang Tagalog ay halos naging katumbas ng panitikang pambansa, ang mga panitikang panrehiyon na pinangungunahan ng Sebuwano, Ilonggo at Iluko, ay nabuhay at umunlad nang may bahagyang kaugnayan lamang sa panitikang sinusulat sa sentro ng bansa.” Hindi man ginamit ni Lumbera ang salitang “Manisentrismo” sa pambansang literatura sa kaniyang sanaysay, klaro naman na sinasabi niya na isa ito sa mga dahilan kung bakit naitsapuwera ang mga rehiyonal na akda sa kanon na ini-insist niyang ilagay muna sa loob ng panipi, “kanon,” dahil tentatibo pa lamang ito.

Marami pang trabaho ang kailangang gawin. Aniya, “Hangga’t ang mga panitikang panrehiyon ay hindi pa nasisinop ng mga iskolar at kritiko, nakabimbin ang pagbubuo ng tunay at awtentikong kanon, at hindi pa rin tayo handa para pag-usapan nang may bahagyang katiyakan ang tinatawag nating *Pambansang Panitikan*. ”

Palagi kong sinasabi sa aking mga estudyanteng Literature ang major sa undergrad man o graduate programs, marami silang maiaambag sa larangan ng Literaturang Filipino kung seseryosohin nila ang pagtatrabajo. Kahit luma na ang sanaysay ni Lumbera na “The Rugged Terrain of Vernacular Literature,” noong 1977 pa ito unang nalathala at binasa sa isang kumperensiya sa University of San Carlos sa Cebu noong 1976, nananatili pa ring problema ang tatlong kakulangang inilatag niya: 1. Problema sa materials, 2. Problema sa tao, at 3. Problema sa metodolohiya.

Kailangang ipunin pa ang akda sa iba’t ibang wikang rehiyonal at katutubo. Kailangang pag-aralan at isalin ang mga ito. Kailangan ding ilathala. Kailangan ng mga taong gagawa nito: mga researcher na mangangalap at magdo-document, mga kritiko, at mga tagasalin. Kailangan ding magkaroon ng sariling pamamaraang basahin at tasahin ang ating mga akda at hindi lamang aasa sa mga idea at teoryang Kanluranin mula sa kolonyal na sistemang edukasyon natin.

Hanggang ngayon, nandian pa rin ang tatlong problema ni Lumbera. Ngayong wala na siya, kailangan na nating ipagpatuloy ang nasimulan niyang trabaho.

Halimbawa, sa katatapos pa lamang na traymester namin dito sa De La Salle University, nagturo ako ng Philippine Literatures from the Region sa mga Literature major namin (tatlo lang naman sila sa special class na

ito). Ang *Filipinos Writing* ang main textbook namin. Isa sa mga aktibidad namin ay usisain ang librong ito sa pamamagitan ng pagtingin sa Table of Contents lamang. Tinanong ko sila kung ano ang kakaiba na napansin nila. Ang clue, ang sabi ko sa kanila, ay tingnan ang chapters sa ilalim ng Luzon, Visayas, at Mindanao. Napansin ng mga estudyante ko na sa ilalim ng Luzon at Visayas, nahahati sa mga wika at rehiyon ang mga akda. Halimbawa sa Luzon ay may Cordillera Literature, Pangasinan Literature, hanggang Bicol Literature. Pagdating naman sa Visayas, represented ang lahat ng rehiyon ng Kabisayaan—Eastern, Central, at Western. Pero pagdating sa Mindanao, isang chapter lang. Naka-lump ang buong Kamindanawan sa ilalim lamang ng “Mindanao Literature.” Itong *Filipinos Writing* ang sa tingin ko ang pinakakumprehensibo at pinakarepresentatibo na antolohiya ng Literaturang Filipino. Pero kailangan nang i-update ito.

Marami pa tayong dapat gawin. Ang maganda lang, naumpisahan na ito ng dakilang si Bienvenido Lumbera na talagang isang tunay na Pambansang Alagad ng Sining. Napakalaki ng utang na loob natin sa kaniya.

# Bienvenido Lumbera's Contribution to Regional Literature: A Tribute

---

Hope Sabanpan-Yu

A boundary is not that at which something stops, but, as the Greeks recognized, the boundary is that from which something *begins its presencing*. That is why the concept is that of *horismos*, that is the horizon, the boundary.  
—Martin Heidegger

This short essay honors Bienvenido Lumbera's intellectual and scholarly achievement and contribution to regional literature in the Philippines. *Philippine Literature: A History and Anthology*, co-authored with Cynthia Nograles Lumbera, promotes a network of literary production among writers, teachers and students across the Philippines. It does not only constitute local literatures but is a national endeavor. In the manner of Martin Heidegger, it is a "worlding" of literature. In doing so, Lumbera was a visionary. His work fills an enormous lacuna in the literary development of Philippine creativity and in the holistic teaching of our literature.

Lumbera's orientation, specifically comparative literature, is profoundly immersed in history, politics and language. In the age of disciplinary overspecialization, he is a unique gem. The approach he employs can be characterized as the blend of these three.

I was very fortunate in 2001 to be teaching Literatures of the Philippines at the University of San Carlos in Cebu City. I found the book which Docs Bien and Cynthia put together and used it for my undergraduate classes. This anthology is probably the most famous in terms of its use of the word "region." Those places outside of imperial Manila. I was struck by the

word. Writings from the margins, so to speak, then. But were they really? What I did was go back to reading and find out what the word means. It seemed to me that the people in the universities elsewhere were talking about something that I was interested in, but they had a different notion on what “region” meant.

In this essay I will go over what I believe is the most productive part of Lumbera’s literary theory, the part that highlights Hans-Georg Gadamer’s philosophical hermeneutics and its application here which is literary hermeneutics. Broadly formulated, regional literature is “intercultural hermeneutics” whose prerequisite is “language.” A few words of caution are in order here: reading together Lumbera’s literary work and Gadamer’s hermeneutics—both philosophical and applied—will, I am certain, advance the cause of regional literature.

What literary criticism and philosophical hermeneutics have in common is their focus on language. Hermeneutics is the foundation of all academic disciplines, both in the natural and social sciences. First of all, language is fundamental to the humanity of humans: it is the human specificity of literary hermeneutics. Lumbera presents in straightforward manner: “[a]side from filtration by class, there was also filtration by language. With English as medium of instruction, works by Filipino authors found only limited space . . . Thus was the canon of Philippine literature . . . Thus was our ‘national literature’ constructed.”<sup>1</sup> Lumbera emphasizes the importance of an open-ended and rightly reciprocal dialogue/system as the paradigm of the “community,” which ethnocentrism cannot afford to hold on to or practice. Reciprocal dialogue brings mutual change and enrichment between the languages/literatures involved. In the “Afterword” of *Truth and Method*, Gadamer draws a conclusion on the openness of his hermeneutics, based on dialogue, when he writes: “The ongoing dialogue permits no final conclusion. It would be a poor hermeneuticist who thought he could have, or had to have, the last word.”<sup>2</sup>

Lumbera’s contribution to Philippine literature is immense and impressive. By bridging the divide between the regions and the nation, he has transcended geographical and linguistic boundaries. His literary hermeneutics creates a bridge between the regions and the nation, in which the differences of their cultural politics can be negotiated, so that the superficial binary

<sup>1</sup> Bienvenido Lumbera, *Harnessing Regional Literature for National Literature. Writing the Nation / Pag-akda ng Bansang*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2000. 153-156. 154.

<sup>2</sup> Hans-Georg Gadamer, *Truth and Method*. Trans. Joel Weinsheimer and Donald Marshall. London: Bloomsbury Academic. 579.

opposition between the two can be dissolved. In comparative literature, for which the problematics of translatability or translation are the first issue, their truth is found, not lost, in translation.

Nais ko lamang igiit ang nawala sa panitikang Tagalog nang nadamay ito sa usaping pangwika nang maging batayan ng wikang pambansa ang wikang Tagalog. Importante sa palagay ko na pag-ukulan ng pansiñ ng manunulat unang-una ang mga realidad na tuwirang nauugnayan niya, nang sa ganoon ay makalikha siya ng daigdig sa akda na hitik sa mga katunayang siyang nagpapasigla sa pagsasalaysay at sa pagtula. Sa maikling salita, ang “panrehiyon” ay siyang batayang daigdig ng manlilikha, at kung maging “pambansa” man siya ay sa dahilang ang kanyang mga katangiang “panrehiyon” ay nagsilbing tuntungan tungo sa higit na malawak na daigdig sa labas ng rehiyon.<sup>3</sup>

Lumbera highlights the importance of “translation” in the widest sense of the term. But it will be a big mistake, however, to regard translation just as a means to negotiate between languages and literature, because by itself it belongs to the area of comparative study.

There is an impediment in the problematics of translation: for students who are willing to read in Filipino to advance their understanding, rather than learning other languages and literatures, which admittedly is a hard and demanding endeavor. The difficulty is doubled because in translation the question of meaning is doubled, that is, it has to decipher and constitute the meaning of meaning. The most difficult part for students in learning literatures from the region is often the lack of will power to learn other languages; whereas scholars and comparatists learn, by necessity, difficult languages, including foreign ones. As the saying goes, where there is a will, there is a way. The truth of this saying is clear in the fact that there is now a rising number of Westerners who are interested in the Philippines, including learning Filipino, precisely because its cultural heritage is different from theirs.

<sup>3</sup> Bienvenido Lumbera, “Panitikang Panrehiyon, Panitikang Pambansa: Magkabukod at Magkarugtong.” *Writing the Nation / Pag-akda ng Bansa*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2000. 162-165. 164.

In 1976 Resil Mojares wrote an essay titled “On Native Grounds: The Significance of Regional Literature,”<sup>4</sup> which tackles the lapses of uncritical equations between national and regional literatures. First, the literary experience of the regions operate “within the limits of their respective traditions as expressed or transmitted in their own languages.”<sup>5</sup> He cites how the readership of the English-language magazine of the 1930s, *Philippine Magazine*, pales in its monthly readership of 6,500, compared to locally circulated regional magazines of the same period in Cebu of *Babaye* (8,000 weekly) and *Bag-ong Kusog* (10,975 weekly) or the Ilonggo *Ylang-Ylang* (7,793 weekly) and *Banaag* (10,560 weekly). Second, regarding the regional literary productions found in books, pamphlets and periodicals, Mojares notes that “against 64 Filipino novels in English produced in 1921-1966, some 1,000 Tagalog novels were published in the first quarter of the present century alone.”<sup>6</sup> Third, the rich oral traditions have to be taken into consideration, given that recently many oral texts have been recovered. Mojares’s essay unquestionably parallels Lumbera’s efforts toward a Philippine community which rejects cultural parochialism.

A study of regional and vernacular literature, therefore, should lead us to a fuller understanding of the Philippine cultural landscape . . . of the cultural concomitants of the “areal differentiations caused by the gradual variations in the spatial interaction of physical and human elements.”<sup>7</sup>

The resourceful but untapped idea of Gadamer’s “fusion of horizons” in *Truth and Method* is an open invitation to infinite dialogue in the conversation between the nations and the nation. In dialogical communication, there is interdisciplinarity. There is also the open-arms attitude which Gadamer calls the “soul of hermeneutics.” In a real dialogue, no one has the last word.

Lumbera’s literary environment was a nationalist one. We do not have to stretch our imaginations too far to connect the regions and the nation. His “etymofilipinology” is bound to concepts of nation, language, and literature. Whoever unravels the symbols of nation is a magician of some sort, like the

<sup>4</sup> Resil Mojares, “On Native Grounds: The Significance of Regional Literature.” *Literature and society: cross-cultural perspectives*: Eleventh American Studies Seminar. Ed. Roger Bresnahan. Los Baños, Philippines. October 1976. 154-158.

<sup>5</sup> Mojares 155.

<sup>6</sup> Mojares 156.

<sup>7</sup> Mojares 157.

*babaylan* who was capable of generating power both poetic and political. There are two issues that can be examined—the relationship between literature as a specialized form of language and language in general and, literatures as powerful/political performative acts.

Many writer-critics believe that literature (referred to by the ancients as “poetry”) is the first language of the human race and the poet is the first human. Literature and language are joined at the navel, and we make no distinction between the diversity of scripts (present around the Philippines prior to colonization) engraved on bamboo or wooden objects, and the symbols that show not only that literature is inseparable from language, but also that it is the “origin” of language itself.

To borrow from “The Poet” by Ralph Waldo Emerson, a very eloquent and appropriate passage:

The poets made all the words, and therefore, language is the archives of history, and, if we must say it, a sort of tomb of the muses. For, though the origin of most of our words is forgotten, each word was at first a stroke of genius, and obtained currency, because for the moment it symbolized the world to the first speaker and to the hearer.<sup>8</sup>

From the perspective of etymofilipinology, one does not have to think twice about the origin of the *ambahan*.

Lumbera recognizes literature as performative and writes that:

[W]here the author is conscious of his responsibilities to his audience, there is always an aspect of that world that he emphasizes to implant an impression, an attitude, or even a perspective in the reader . . . what I take to be the meaning of the expression “reading as a humanizing experience.”<sup>9</sup>

By the same token, the task of performing our literature cannot simply be to “humanize” young Filipinos. I would like to use Lumbera’s phrase, *to*

---

<sup>8</sup> Ralph Waldo Emerson, *Essays: Second Series*. 21.

<sup>9</sup> Bienvenido Lumbera, “Filipinizing the Young Filipino Reader.” *Writing the Nation / Pag-akda ng Bansa*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2000. 116-120. 116-117.

*Filipinize young Filipinos.*<sup>10</sup> Literature gives us more concrete truth and actions (as language) are performative means, in which “literature” and action are reversible events. Literature consists of motion, made of action; and action consists of language, made alongside the language of words. When words fail we resort to the language of action, so action is inherent in literature.

Regional literature as formulated in this essay is a constellation of concepts, drawn mainly from our National Artists. It is for me a coming to terms with the nation—for that matter, of overcoming ethnocentrism in general—which essentializes a specific culture in any given territory. As a constellation that connects several lines in any given point, it signifies the confluences and crossings of different and seemingly disconnected areas. These confluences and crossings result in hybridities, whether they be confluences and crossings of cultures or academic disciplines. Hybridity, or the fusion of horizons (in Gadamer’s sense), will melt ethnocentric ignorance.

Regional literature is necessarily a de/constructive concept. It goes beyond what is established or given by constructing a new formation of concepts. In the portmanteau word “deconstruction,” construction contains in itself destruction. So, regional literature is an attempt to challenge the assumed dominance of the “national” and to overcome its limits. As a paradigm shifter, it is the way of discovering the already existing reality of Philippine literary convergences “from within,” that frees the “nation” from uniformity.

Lumbera is an exceptional advocate for a Filipinoness that symbolizes its interdependence and interconnectedness. His vision is concerned not only with the in-between matters that are intercultural, interdisciplinary and interlinguistic crossings, but also with transformation. It cannot be otherwise. Since the orchestration of this regional literature will be an infinite process, let me quote, in conclusion, a line from Lumbera that I am fond of: “Truly, Filipinizing the young Filipino reader will transform the teacher of reading from a simple transmitter of skill into a cultural activist. Doubtless, the teacher’s work will be more fulfilling, for what used to be a mechanical chore takes on a dynamism that is bound, in the long run, to transform an outdated system.”<sup>11</sup> ◆

<sup>10</sup> Lumbera, “Filipinizing” 117. (italics added).

<sup>11</sup> Lumbera, “Filipinizing” 119-120.

## Mga Patnugot/The Editors

**ISSUE EDITOR | Si Mark Angeles** ay Resident Fellow ng UST Center for Creative Writing and Literary Studies (CCWLS). Isa siyang full-time instructor ng Departamento ng Filipino, Kolehiyo ng Edukasyon sa Unibersidad ng Santo Tomas. Nakapagtapos siya ng MA Filipino: Malikhaing Pagsulat sa UP Diliman, kung saan niya kinukuha ngayon ang Certificate for Professional Education. Noong nakaraang taon, inilimbag ng UP Press ang kaniyang *Ang Huling Emotero*, isang koleksyon ng mga dagli, at ng Chikiting Books ang kaniyang mga aklat pambatang *Kamot nang Kamot nang Kamot* at *Mga Tsinelas ni Yasher*. Kolumnista siya ng alternatibong media na Pinoy Weekly, literary editor ng bulatlat.com, at features contributor ng GMA News Online.

**MANAGING EDITOR | Ma. Ailil B. Alvarez**, a Resident Fellow of the UST Center for Creative Writing and Literary Studies, has been serving as Director of the UST Publishing House since 2017. She is also Assistant Professor at the UST Department of Literature and a former faculty researcher at the UST Research Center for Culture, Arts and the Humanities. Her book of critical essays, *Slivers of the Sky: Catholic Literary Readings and Other Essays* (2016), was named a finalist in the 36th National Book Awards for the category Literary Criticism/Literary History in English.

## Mga May-akda

Si **Aurelio Solver Agcaoili** ay kasalukuyang nagtuturo sa University of Hawaii. Maraming taon din siyang napabilang sa instructional faculty ng University of the Philippines Diliman. Naging guro niya si Lumbera, at nang maglaon, naging kasamahan sa trabaho.

Ginawaran ng titulong **Pambansang Alagad ng Sining sa Panitikan** noong 2003 si **Virgilio S. Almario**. Isa siyang makata, tagasalin, manunulat ng kuwentong pambata, editor, at kritiko. Itinatag niya ang organisasyong pangmakata na Linangan sa Imahen, Retorika at Anyo (LIRA). Kasama rin siya sa mga nagtagtag ng mga organisasyong pampanitikan na Galian sa Arte at Tula (GAT). Naging Tagapangulo siya ng Unyon ng mga Manunulat sa Pilipinas (UMPIIL) at Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). Bilang makata, kilala siya sa sagisag-panulat na **Rio Alma**.

**Joyce L. Arriola** is a Professor of literature and communication at the University of Santo Tomas (UST) Manila. She is a Resident Fellow of the UST Center for Creative Writing and Literary Studies. Her book titled *Pelikulang Komiks: Towards a Theory of Filipino Film Adaptation* (University of the Philippines Press) came out in 2019. The said book was conferred the 2021 Outstanding Book Award by the National Academy of Science and Technology (NAST).

**Jose Wendell P. Capili** is Professor 12 at the College of Arts and Letters, UP Diliman and AVP for Public Affairs, UP System. He graduated from UST, UP Diliman, University of Tokyo, University of Cambridge, and The Australian National University, where he earned his Ph.D. He received Carlos Palanca, Cultural Center of the Philippines, and National Book Awards for Literature. He is one of the 7 Achievement Awardees for 2020 of the Department of Science and Technology-National Research Council of the Philippines (DOST-NRCP).

Si **Dr. Dexter B. Cayanes** ay premyadong manunulat at filmmaker. Kasalukuyang guro siya sa Unibersidad ng Pilipinas-Los Banos at De La Salle University-Manila ng mga kursong Humanidades at Araling Filipino. Direktor at manunulat siya ng shortfilm na *PowerPoint*, tungkol sa pakikibaka ng mga Mangyan para sa kanilang katutubong lupain. Tinatapos naman niya sa kasalukuyan ang *KAPUUN (Roots): A Film Documentary* na tungkol sa

pakikibaka ng mga katutubo sa Bukidnon para sa kapayapaan at kaunlaran sa Mindanao. Ang kaniyang artikulo ay halaw sa kaniyang aklat na *Tawidiwa sa Pananagisag ni Bienvenido Lumbera: Ang Bayan, ang Manunulat, at ang Magasing Sagisag sa Imahinatibong Yugto ng Batas Militar 1975-1979* (2021) na inilathala ng Komisyon sa Wikang Filipino.

**Ralph Semino Galán**, UST CCWLS Assistant Director, is a poet whose works in English and Filipino have won national prizes. He is the author of four books: *The Southern Cross and Others Poems* (NCCA), *Discernments: Literary Essays, Cultural Critiques and Book Reviews* (USTPH), *From the Major Arcana: Poems* (USTPH), and *Sa mga Pagitan ng Buhay at Iba Pang Salin* (USTPH). He has an M.A. in Creative Writing from UP Diliman and is working on his dissertation for a Ph.D. in Literature at UST.

Si **Victor Emmanuel Carmelo D. Nadera Jr.** ay dating direktor at kasalukuyang fellow ng Likhaan: U.P. Institute of Creative Writing na ang isa sa mga tagapayo ay si Dr. Bienvenido Lumbera. Magkasama silang nagtuturo sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas ng University of the Philippines Diliman. Kapuwa sila nagtapos sa University of Santo Tomas (U.S.T.) at naging editor ng *The Varsitarian*. Si Vim ay nagtapos ng B.S. Psychology sa U.S.T. College of Science at naging patnugot ng College of Science Journal. May M.A. Psychology siya sa U.S.T. Graduate School at naging bahagi ng koro at teatro nito. Una siyang nagturo sa U.S.T. Faculty of Arts and Letters makaraang maging Assistant to the Publications Director noong Dekada '80.. Bilang Tomasino, si Vim ay nakatanggap ng The Outstanding Thomasian Award (2007); 80th College of Science Anniversary Jubilee Achievement Award (2007); Fr. Angelo de Blas Outstanding Achievement Award (2004); Ten Outstanding Thomasian Writers (1995); at Rector's Faculty Development Grant (1994). Noong ika-36 na Gawad USTETIKA – na kaniyang itinatag noong 1985 – pinagkalooban siya ng Varsitarian ng Parangal Hagbong para sa kaniyang kontribusyon sa sining at kulturang Filipino.

**Cristina Pantoja Hidalgo** is a writer of fiction and nonfiction, and a literary critic and scholar, with more than 40 published books. Among the distinctions she has received are: the Carlos Palanca Grand Prize for the Novel, the National Book Awards, the Gawad Balagtas, and the Carlos Palanca Dangal ng Lahi. She has served as Director of the UP Institute of Creative Center, Director of the UP Press, Vice President for Public Affairs of the UP System, and Director of the UST Publishing House. At present,

she is Director of the UST Center for Creative Writing and Literary Studies, and Professor Emeritus of UP Diliman. She continues to teach graduate courses in creative writing and literature at UST and UP. Her latest book is *What I Wanted to Be When I Grew Up: Early Apprenticeship of a Writer* (UP Press 2021).

**Soledad S. Reyes** has written/edited over twenty books on various aspects of Philippine literary studies—the novel, the short story, poetry, theory and criticism, women's writing, and popular icons and artifacts. She has also translated a number of Tagalog novels and short stories by Antonio Sempio, Macario Pineda, and Rosario de Guzman Lingat. She received the A. L. Becker Southeast Asian Literature in Translation Prize in 2016. She is Professor Emeritus at the Ateneo de Manila University.

**Hope Sabanpan-Yu** is the current Director of the Cebuano Studies Center of the University of San Carlos and the Chair of the Division of the Humanities of the National Research Council of the Philippines (NRCP). She is the commissioner for the Cebuano language of the Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) and a member of the CHED Technical Panel for Literature. She also sits as Commissioner in the Cultural Heritage Affairs Commission (CHAC) of Cebu City.

**Joel Pablo Salud** is the author of several books of political nonfiction. He is fellow of the 53rd U.P. National Writers Workshop for Mid-Career Authors and The Jaime V. Ongpin Journalism Seminar. He sat briefly as chair of the Writers in Prison Committee of the Philippine Center of International PEN, and as editor of PEN International's 2019 Freedom of Expression Country Report. He continues to lecture on Journalism Ethics in the country's prestigious colleges and universities. He sat for 11 years as editor-in-chief of the country's longest-running political and literary magazine, the Philippines Graphic, and wrote columns for LiCAS News Philippines and PhilSTAR Life. He now saddles his pen as senior desk editor and columnist for Rappler.

**Si Louie Jon A. Sánchez** ay Associate Professor ng Broadcast Communication sa College of Mass Communication, University of the Philippines, Diliman. Awtor siya ng Abangan: *Mga Pambungad na Resepsiyon sa Kultura ng Teleserye* (University of Santo Tomas Publishing House, 2022) at *Ang Drama ng Ating Búhay: Isang Kultural na Kasaysayan ng Teleserye* (De La Salle University Publishing House, paparating).

**John Iremil Teodoro** is from the province of Antique on Panay Island in central Philippines. He is an associate professor of literature and creative writing at De La Salle University where he is also the associate for regional literature at the Bienvenido N. Santos Creative Writing Center. He is currently the secretary general of Unyon ng mga Manunulat sa Pilipinas (UMPIL or the Writers Union of the Philippines) and a member of the Philippine Center of International PEN.

**Si Rolando B. Tolentino** ay fakulti ng UP Film Institute, dating dekano ng University of the Philippines College of Mass Communication, at fellow at dating direktor ng Likhaan: UP Institute of Creative Writing. Nakapagturo na rin siya sa Osaka University, National University of Singapore, at University of California, Berkeley. Nagsusulat siya ng katha at sanaysay, editor ng mga antolohiya ng panitikan at kritikal na sanaysay. Ang kanyang interes sa pananaliksik ay panitikan, kulturang popular, pelikula at media ng Filipinas na pinagsasanib ang mga isyung nasyonal at transnasyonal. Siya ay tagapangulo ng National Committee on Cinema, Commissioner for the Subcommission of the Arts ng National Committee for Culture and the Arts, at board member ng Film Development Council of the Philippines. Kasapi siya ng Manunuri ng Pelikulang Pilipino at Altermidia (People's Alternative Media Network).

Bukod sa pinamatnugutan niyang *Bayan at Lipunan: Ang Kritisismo ni Bienvenido L. Lumbera*, inilimbag din ng University of Santo Tomas Publishing House ang *Silakbo at Alinagnag: Sanaysay ng mga Panlipunang Panunuri sa Panitikan ni Rosario Torres-Yu*. Malaking bahagi ng kaniyang sanaysay sa antolohiyang ito ay nalathala sa *Bien, Bien*, isang Festschrift para kay Lumbera, na tinipon ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Kolehiyo ng Arte at Literatura at Sentro ng Wikang Filipino sa UP Diliman. Nirebisa niya ito para maisama ang huling pangayari ng pagyao ng Pambansang Alagad ng Sining sa Panitikan noong Setyembre 28, 2021.

**Lito B. Zulueta**, a CCWLS Resident Fellow, is an editor and editorialist of the Philippine Daily Inquirer, where he also oversees the Arts and Books section. He has won the Rotary Club Award for Journalism, the Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature, and the National Book Award for History for *The Saga of La Naval: Triumph of a People's Faith*. He is the current national secretary of the Philippine Center of the International PEN.